# *Ang Pag-agaw*

Ang sangay dito sa—sa Yuma, isang napakalaking pribilehiyo na maanyayahan na bumalik muli. Nagkaroon kami ng mainam na panahon, noong nakaraan dito. At nang malaman kong babalik akong muli, talagang pinasigla nito ang pakiramdam ko, na marinig ang mga patotoo at ang maiinam na pananalitang ito mula sa mga tao, at medyo tila inaangat ka.

2 Sinabi sa akin ni Billy na ang kapatid mula sa Las Vegas, na gustong magkaroon ng pagtitipon doon sa sangay na iyon, makipagkita ka sa kaniya pagkatapos na pagkatapos ng gawain sa dakong ito. May panahon kami, sabi niya, na maisisingit namin, bandang Enero, bago ang pagtitipon sa Phoenix, kita n'yo, para magtungo sa Las Vegas. At kaya't noon pa namin gustong pumunta roon.

Sa pagkakaalam ko naroon dati si Kapatid na Art Wilson, matagal nang panahon, o maaaring naroon pa rin siya. At kaniyang—hiniling niyang magpunta ako, siya at si Kapatid na babaeng Wilson. Hindi ako nagkaroon ng pagkakataon, kaya't marahil ito ang panahon na makakapunta ako.

3 Makipagkita ka lang kay Billy Paul o kay Kapatid na Roy Borders. Sa palagay ko'y narito siya sa kung saan. May nagsabing narito si Kapatid na Roy. Si Kapatid na Pearry, si Lee, o sinuman sa kanila, masasabi nila sa 'yo. Itakda n'yo na lang ang petsa ng pagpunta namin.

4 Ngayon, nakita ko ang maraming ministro dito, kani-kanina lang, na ako'y tunay na nagagalak na makita ang mga kapatiran ko. Sana may panahon ako, sumama sa tahanan n'yo, 'pagka't alam kong nasa inyo ang pinakamahusay na tagapagluto sa buong bansa. Mainam 'yan.

5 At ngayon, talaga namang nakadalawa na si Kapatid na Pearry, sa gabing ito, sa kaniya. May dalawang marka na siya laban sa kaniya ngayon. Ang isa sa mga iyon, pagputol sa mikroponong 'yun, sa dako roon. Kung, ika'y—ikaw ang may sala roon, Kapatid na Pearry. Sa tingin ko'y wala ka naman talagang kasalanan. Nguni't iyong. . . May magsasalita sana. Maganda ang isang 'yun.

6 At kaya pagkatapos, muli, pumunta siya roon at noo'y nakikipag-usap. Sabi niya, "Aba!" Sinasabi kay Kapatid na Collins o sa ilan sa kanila. Sabi, "Masarap 'yung hapunan. Pero," sabi, "sinasabi ko sa 'yo," ika, "ang lalaking iyon marahil ay isang Espanyol o anuman, o isang Mexicano. Iyon ang pinakamaanghang na siling natikman ko." Nagsasabi ng ganoon, at kausap pa naman niya ang punong tagapagluto.

Sabi nito, “Ako ang punong tagapagluto.”

7 Iyan ang Texas, para sa iyo. Itutuwid natin siya, dito sa Arizona, pagkatapos, (hindi ba?), kung mananatili siya kasama natin.

8 Mainam talagang maparito! At sa palagay ko’y hindi naman mga biro ang dating niyon, kundi pampatawa lang. Na, ang Panginoon Mismo ay may ugaling mapagpatawa, alam n’yo na. Sabi Niya, “‘Si Herodes,’ magsiparoon kayo at sabihin n’yo sa asong-gubat na iyon, kita n’yo, ‘sa araw na ito Ako’y nagpapalayas—nagpapalayas ng mga demonyo; bukas matatapos Ko na ang gawain.’” Kaya, may ugali Siyang mapagpatawa. Buweno, hindi naman ’yun makakasakit sa atin, sa palagay ko’y hindi, paminsan-minsan.

9 At ngayon medyo gumagabi na. At, madalas, ako—nangangaral ako ng mga apat na oras. Kaya’t ito, nalalaman ang pagpapaunlak ng kapatid na lalaki’t babae dito, ng sangay na ito, iiksian natin iyan, sa gabing ito. At sadyang . . . sinabi ko kay Terry. Sabi ko . . .

Sabi niya, “Ano’ng . . . Maglalagay ba ng pang-dalawang oras na teyp?”

10 Sabi ko, “Hindi, Terry. Ito’y isang—isang bangkete.” Sabi ko, “Mga tatlumpu o apatnapung minuto lang, magsasalita sa mga tao ng isang bagay.” ’Yan, sinisikap ko, gayunman, palagi, na nalalaman ’yan.

11 Nang bata pa ako, dati-rati’y nagsisidalo ang mga tao para makinig dahil sa ako’y batang mangangaral, isang kabataan lang, isang binata. At sasabihin nila, “Buweno, si Billy Branham, alam n’yo na, bata lang, hindi nakapag-aral, at walang edukasyon.” At dumadalo sila para marinig ang bali-bali kong salita, ang aking pang-Kentucky na Ingles, at—at kaya’t sila’y . . . ’yung aking “hits, at hain’ts, at totes, at carry.”

Gaya sa isa sa mga pagtitipon dito hindi pa kalaunan, sabi nila, “Tumayo tayong lahat at awitin ang pambansang awit.”

12 Tumayo ako at sabi, “For my old Kentucky home far away.” ’Yun lang ang tanging bansang alam ko, kaya pambansang awit iyon, kung ako ang tatanungin.

13 Kaya’t ngayon, matapos mong tumanda, gayunman, buweno, tayo, pumasok siya, higit pa dapat diyan ang meron ka. Kita n’yo? Ating ihalimbawa . . . Sinabi ni Pablo, “Nang ako ay bata, nagsalita akong gaya ng bata at nag-isip na gaya ng bata. Umaasal kang gaya ng bata.” Subali’t habang nagkakaedad ka, saka ka magpapasimula, mula sa paghakbang mo ng mga una mong hakbang, at magpapagiray-giray at matutumba, at tatayo at susubukang muli iyon. Pagkatapos ikaw, di naglaon, nakakalakad ka na nang tuwid. At ’yan ang kailangan nating gawin, bilang mga kawal ng krus. Ngayon ay panahon na upang

lumakad tayo nang tuwid, patungo roon sa daan tungo sa Kaluwalhatian.

14 Naniniwala akong nabubuhay tayo sa mga huling yugto ng kasaysayan ng mundong ito. Tunay akong naniniwala na ang Pagparito ng Panginoon ay mas malapit na, marahil, kaysa sa inaakala natin. Kaya't ngayon, sa loob lamang ng mga tatlumpung minuto ng panahon ninyo, o humigit-kumulang, nais kong tawagin ang pansin n'yo sa isang Kasulatan na gusto kong gamitin bilang teksto, at—at tumukoy sa ilan pa rito.

Sa pagkakaupo sa bahay, noong isang araw, iniisip ko ang tungkol sa kaisipang ito. Pagkatapos naisip ko, "Buweno, ewan ko, mangungusap mula sa lahat ng Kasulatang ito. Tatalakay na lang ako ng bahagi Nito, at para lang sa maiiksing mga gawain kagaya ng sa ngayong gabi." Gusto kong sabihin ang isang bagay, habang nagbubukas kayo sa Mga Awit. Ang—ang unang . . . Ang ika-27 Awit, gusto ko ang unang limang talata, na basahin.

15 Nais kong sabihin ito, tungkol sa mga sangay na ito ng mga negosyanteng Full Gospel Business Men.

Ang aking Kapatid na Pearry ay nagsasalita kanina tungkol sa mga aklat, at iba pa, at ang mga bagong aklat na meron sila. Ilan ang nakakaalala nang tayo ay magteyp, at ipinangaral iyon dito sa dako ng Phoenix, sa isa sa mga kombensiyon, ang tungkol sa *Mga Ginoo, Anong Panahon Na Ito?* Ngayon, 'yun ang umpisa ng librong iyon, kita n'yo, noong ito'y—ito'y maganap.

16 Napakarami na ng supernatural na pagpapatibay sa nakasulat na Salita ng Dios, tungkol sa oras na ito, para ang isang bagay ay hindi pa papalapit na sa atin ngayon. Tayo lang . . . Napakatotoo nito. Ang mga bagay na inyong . . . Iyon ay magiging kamangha-mangha, sa inyo, maipaalam lamang sa inyo yaong kung ano talaga ang nangyayari. Marami sa inyo, mga dayuhan, marahil, ay naririnig ang mga lalaking ito na tumatayo at nagsasabi—nagsasabi ng mga pahayag na ito, tungkol sa, "Isang Mensahe sa kapanahunang ito," at iba pa. Ang tinutumbok nila, ay ang pangako ng Dios sa panahong ito, na ipinangako Niya kung ano ang Kaniyang gagawin. At nakikita natin Siya na pinagtitibay sang-ayon sa Kasulatan nang sadyang tumpak na tumpak kung ano ang sinabi Niyang gagawin Niya, sa ganun ding paraan. Una nang sinabi, ganap na tugmang-tugma, sa bawat pagkakataon, dahil sa ang Dios ang nagsabi nito.

17 Kung ang isang tao, walang anuman sa akin kung sino man siya, ay magsasabi ng isang prediksyon, may isang posibilidad sa sampung milyon. Kung magsabi sa iyo ang isang tao na magaganap ang isang *bagay*, iyon ay—mangyayari 'yun sa isang tiyak na *oras*; isa sa sampung milyon. At pagkatapos ang *lugar* na magaganap ito, ay mga nasa isang posibilidad sa mga nasa isandaang milyon.

At pagkatapos ang *oras* na mangyayari iyon, patuloy at patuloy, at ang *paraan* kung paano mangyayari iyon, at kung *ano* ang mangyayari, at iba pa, iyon ay sadyang higit pa sa pagpapalagay. Kapag nakikita natin itong ganap na ganap, sa tuwi-tuwina, kung ganun ang Dios iyon.

At pagkatapos bubuksan natin pabalik mismo sa Mga Kasulatan. Maaaring kakaiba 'yun sa atin. Subali't binuksan natin mismo ang Mga Kasulatan, nang hindi man lang alam kung saan hahanapin, at ipapahayag iyon ng Banal na Espiritu at sadyang paglalapat-lapatin ang Mga Kasulatan, bubuuin ang larawan doon para ipakita sa atin ang mismong panahon na ating kinabubuhayan. Tayo'y nagpapalit ng kapanahunan.

18 Tayo'y—tayo'y nasa isang panulukan. Madali kapag may isang magpapaliko sa isang panulukan, ng isang kantero, na magpapaliko sa panulukan. Mag-uumpisa, lahat ay naglalagay ng laryo mismo sa hanay ding iyon, gaya kapag nag-umpisa ang isang denominasyon, at mag-uumpisang gumawa sa hanay na iyon, mabuti 'yun. Subali't, kapag nasa mga paliko ka na, kung saan kailangan mong lumiko sa ibang direksyon!

Ngayon, hindi nagtatayo ang Dios ng isang pader. Nagtatayo Siya ng isang bahay, kita n'yo, at maraming putol at paliku-liko na Kaniyang una nang sinabi dito sa Biblia. At ang mga paliko, maaaring sumubok ang sinuman na magpaliko, subali't kailangang ito ay naaayon sa disenyo. Kung hindi, kailangan itong gibaing muli.

19 Kaya't aming—aming pinupuri ang Dios para sa Kaniyang kabutihan at ang pakikisama ninyong mga tao, at ang mga bukas na pinto na ibinigay sa amin ng Panginoon, at sa pamamagitan ng mga negosyanteng ito. Ako noon pa ma'y lagi nang nanindigan na ako—hindi ako naniniwala sa... naniniwala ako sa mga tao sa mga denominasyon. Subali't wala akong gaanong panahon para hikayatin ang mga denominasyon, dahil nagtatayo ang bawa't isa ng kani-kaniyang bakod sa paligid niya.

20 At—at gaya ng, sa palagay ko, 'yun ay ang munting kasabihan ni Kapatid na David, tungkol sa pag-aalaga niya ng ilang mga pato, at sabi tumaas ang ilog. At bawa't pato, alam n'yo na, gusto nilang makasalamuha ang isa't isa, at hindi nila iyon magawa dahil sa nababakuran silang lahat. Subali't nang tumaas nang husto ang tubig, pinalutang niyon ang mga pato palabas sa bakod.

Kaya't ako'y—sa palagay ko'y sa ganoong paraan dapat gawin ito. Ay basta tumaas lamang ang tubig, kita n'yo, at maaari na tayong makalabas sa bakod at—at makisalamuha sa isa't isa, alam n'yo na, magkaroon ng tunay na pag-ibig ni Cristo sa ating mga puso.

21 At itong Full Gospel Business Men ay naging isang—isang oasis para sa akin. Dahil sa, maraming beses...may mga kapatiran ako, mainam na mga kapatiran sa, sa palagay ko, bawa't denominasyon na nakasalamuha ko: mga Presbyterian, Lutheran, mga Baptist, mga Pentecostal, lahat ng uri ng Pentecostal, church of God, at Nazarenes, Pilgrim Holiness. Maiinam na mga kapatiran, sa lahat ng dako. Subali't, maraming beses, hindi nila ako maaaring dalhin sa kanilang komunidad, dahil, kita n'yo, hindi dahil sa hindi nila 'yun pinaniniwalaan, kundi, kita n'yo, ihihiwalay sila niyon sa kanilang denominasyon. At kapag ginawa n'yo 'yan, siyempre, 'yan—'yan na ang tatapos niyon.

22 Dito di pa katagalan, may Methodist na kapatiran na lumapit sa akin, hindi ko babanggitin ang pangalan niya. Isang mabait na lalaki, nagsusulat siya ng tesis tungkol sa Makalangit na pagpapagaling, at pumunta siya sa akin para sa ilang—ilang pag-uusap. Naupo kami at nag-usap saglit. Sabi niya, "Ang bagay lang na laban namin sa 'yo, lagi mong kasa-kasama ang mga Pentecostal na 'yan."

Sabi ko, "Kung ganoon, ang iglesyang Methodist ang magtaguyod nito. Darating ako."

Iba na iyon. Kita n'yo? Siya—sabi niya, "Buweno, siyempre, ako—hindi ako ang iglesyang Methodist. Kabilang lang ako sa kanila."

23 Sabi ko, "Iyon na nga 'yun. Kita mo? Sila lang, ang mga Pentecostal, ang tanging nagbubukas ng kanilang mga pintuan. Kita mo? Sila yaong puwede kong mapuntahan. At ang bawa't isang magbubukas, aba, handa kaming pumasok."

Kagaya sa Apocalipsis, ang ika-3 kabanata, sabi, "Ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok. Kung ang sinuman ay magbukas ng pinto, Ako'y papasok at hahapon." At si Jesus iyon. Alam nating lahat na si Cristo iyon, at Siya ang Salita. Tama 'yan. Siya ang Salita.

24 At kaya't ang Full Gospel Business Men ay naging isa nang oasis kung saan tayo makapagsasama-sama. Walang iglesya ang nagtataguyod nito. Silang lahat, sama-sama, ang—ang lahat ng mga kalalakihan mula sa mga iglesya, at tayo'y nagkakatipun-tipon at nagsasama-sama, tinatawid ang mundo, sa lahat ng dako.

25 At tumulong akong magtayo ng maraming, maraming, maraming mga sangay sa buong mundo, ng Full Gospel Business Men. Nagpapasalamat ako sa pagkakataong 'yan na ibinigay sa akin. Doon, itataguyod iyon ng mga negosyante. Pagkatapos, lahat ng mga iglesya, sila—gusto nilang pumunta, gayunman.

Subali't, gayunman, at ayaw ko kailanmang subukang hilahin ang sinuman mula sa kanilang iglesya. Manatili lamang kayo sa inyong iglesya at ikalat ang Liwanag. Kita n'yo? Maging

totoong Cristiano. Kalulugdan kayo ng pastor ninyo. Isang totoo, tapat, tunay na binanal, sinumang tao na naniniwala sa Dios ay kalulugdan ang isang taong ganiyan. Opo.

26 Ngayon, pinasasalamatan ko ang kapatid dito, at ang kaniyang maybahay, at ang sangay na ito, para sa pagkakataong ito. At nawa'y lumawak ang sangay na ito. Ang pagpapala nawa ng Panginoon ay manahan rito, at maging instrumento sa mga kamay ng Dios, upang maligtas ang daan-daang mga tao bago ang Pagparito ng Panginoon; at ang lahat ng iba pa sa inyo na mga sangay o mga kinatawan dito mula sa mga sangay.

27 Sa Aklat ng Mga Awit, ngayon, gusto kong mangusap tungkol sa isang—isang talagang kakaibang paksa, sa gabing ito, sa ilang saglit lamang. May ilang Mga Kasulatan akong naitala rito. At—at naisip ko marahil na, ngayong gabi, mangungusap ako tungkol sa isang bagay na naiiba. Subali't, nakikitang nauubos ang oras, naku, hindi ko ninais na manatili nang ganoon katagal, kaya't nagbukas lamang ako rito at kumuha ng ilan pang Kasulatan. At gusto kong mangusap tungkol sa paksang: *Ang Pag-agaw*. Kita n'yo?

28 Ngayon, naniniwala tayo na may magaganap na Pag-agaw. Lahat ng Cristiano'y naniniwala riyan, na mga nagbabasa ng Biblia, naniniwalang may magaganap na Pag-agaw.

29 At ngayon para bumasa bilang isang pagbabatayan, babasahin natin ang ika-25 Awit. Ibig kong sabihin. . . Ipagpaumanhin n'yo. Ang ika-27 Awit, 1 hanggang 5 talata.

> *Ang PANGINOON ay aking liwanag at aking kaligtasan; kanino ako matatakot? Ang PANGINOON ay katibayan ng aking buhay; kanino ako masisindak?*
>
> *Nang ang mga manggagawa ng kasamaan, ang aking mga kaaway at aking mga kaalit,* ay dumating *sa akin upang kanin ang aking laman, sila'y* nangatitisod *at nangarapa.*
>
> *Bagaman* ang *hukbo ay humantong* laban sa *akin, hindi matatakot ang aking puso: bagaman magbangon ang pagdidigma laban sa akin, gayon ma'y titiwala rin* ako.
>
> *Isang bagay ang hiningi ko sa PANGINOON, na* aking *hahanapin; na ako'y makatahan sa bahay ng PANGINOON sa lahat ng mga kaarawan ng aking buhay, upang malasin ang kagandahan ng PANGINOON, at* mangailangan *sa kaniyang templo.*
>
> *Sapagka't sa kaarawan ng kabagabagan ay iingatan niya ako na lihim* sa *kulandong:* at *sa kublihan ng kaniyang tabernakulo ay ikukubli niya ako; kaniyang itataas ako* sa *ibabaw ng isang malaking bato.*

Idagdag nawa ng Panginoon ang Kaniyang mga pagpapala sa pagbasang iyon ng Kaniyang Salita.

30 Ngayon, sa araw na ito, mangungusap tungkol sa paksang ito, at ngayon maaaring ang ilan sa inyo ay naiiba, sa—sa mga daang tinatahak ko. Subali't ilan dito ang naniniwala na nagtuturo ang Biblia na magkakaroon ng Pag-agaw ng Iglesya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siyanga, po. Tama 'yan, eksakto, isang pag-agaw ng Iglesya. Maging ikaw man ay isang Methodist, Baptist, Presbyterian, o sino ka man, Pentecostal, may magaganap na pag-agaw.

31 At sa palagay ko, sa pagsasalita, ako—hindi ako basta tumatayo lang dito para magsalita ng bagay na sa tingin ko'y magiging kalugod-lugod sa mga tao. Hindi pa ako nagkasala sa ganiyan. Gusto kong pumanhik rito at sabihin ang isang bagay na nararamdaman kong napangungunahan akong sabihin, na iniisip kong makakatulong sa inyo, isa na makapagpapalawig pa ng karanasan ninyo sa Dios, kung Cristiano kayo; at kung hindi kayo Cristiano, ay gawin kayong lubos na mahiya sa sarili n'yo, nang sa ganoon ay magiging Cristiano kayo. At 'yan ang layunin na noon ko pa laging sinisikap na ihanay ang aking kaisipan, kung paanong pangungunahan ako ng Panginoon.

32 Ngayon, tayo ay natagubilinan, kung paanong ang Doktrinang Ito ay tutuyain sa mga huling araw. Kung ibig n'yo, basahin lang natin Iyon, nang panandali lang. Iyon ay nasa Ikalawang Pedro, sa ika-3 kabanata. Bumasa tayo panandali patungkol dito. Ang ika-3 kabanata, at ang ika-3 at ika-4 na mga talata. Tingnan natin kung hindi ito tama.

> *Na nalalaman muna ito, na sa mga huling araw ay magsisiparito ang mga manunuya na may pagtuya, na magsisilakad ayon sa kanikanilang masasamang pita,*
>
> *At magsisipagsabi, Saan naroon ang pangako ng kaniyang pagparito?...buhat nang araw na mangatulog ang mga magulang, ay nanganatili ang lahat ng mga bagay na gaya ng kalagayan nila mula nang pasimulan ang paglalang.*
>
> *Sapagka't sadyang nilimot nila* iyon*, na mayroong sangkalangitan mula nang unang panahon, at isang lupang inanyuan sa tubig at* ang tu-...*at sa gitna ng tubig, sa pamamagitan ng salita ng Dios:*
>
> *Na sa pamamagitan din nito ang* mga sanglibutan... *noon, na inapawan ng tubig, ay napahamak:*

33 Ngayon nakikita natin iyan, ang dahilan na ang paksang ito ay binabale-wala lamang, ay dahil sa sinabi ng propeta rito na sa mga huling araw ay darating ang mga manunuyang ito na nagsasabi ng mga bagay na ito. Kita n'yo? Una nang sinabi ito, ang dahilan na ikinikilos ng mga tao sa araw na ito ang mga kilos nila. Aba, talagang inaasahan mo ito, dahil

sa sinabi ’yan ng Biblia. “Sa mga huling araw sila’y magiging mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kay sa mga maibigin sa Dios; mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, hindi mga maibigin sa mabuti; na may anyo ng kabanalan, datapuwa’t tinatanggihan ang kapangyarihan nito: lumayo ka rin naman sa mga ito.” Makakahanap ba tayo ng panggagaya sa Katotohanan? Sigurado.

34 Nang bumaba si Moises sa Egipto, upang iligtas ang mga anak ng Israel, na hawak lamang ang isang patpat sa kaniyang kamay bilang pagpapatibay, na nasa likuran Niya ang Dios ng Kalangitan, gumawa siya ng himala. May mga manggagaya na sumunod sa kaniya, at ginagawa rin ang mga bagay na ginawa niya. Kita n’yo? Ngayon, pumapangalawa sila, matapos na ginawa niya muna iyon. Pagkatapos nagsisidating sila, dahil sa kinokopya nila kung ano’ng ginawa niya, ginagaya ang orihinal. Nasumpungan natin ’yon.

At ngayon ay sasabihin mo, “Buweno, ’yan ay noong panahon ni Moises.”

Subali’t ang Kasulatan ding ito ay nagsasabi na magsisidating silang muli sa mga huling araw. “Kung paanong sina Jannes at Jambres ay kumalaban kay Moises, ganun din naman ang mga taong ito na masasama ang pag-iisip tungkol sa Katotohanan.” Kita n’yo? Mga panggagaya, lahat na ng klase ng mga bagay para guluhin ang mga tao. At pagkatapos kung . . .

35 Ang Pag-agaw na ito na magaganap, at anumang bagay na mayroon ang Dios sa hanay ng Kaniyang Salita, laging may bagay na lalabas para guluhin Iyon kung magagawa nila. Ito’y—ito’y—layunin ’yun ni Satanas na gawin iyon.

36 Kagaya ng isang kapatid dito, mula sa pagtitipon doon sa Las Vegas, sabi, “Sinabi ni Satanas na nasasakupan niya ang sanglibutan, at—at iyon ang punong-himpilan niya sa itaas doon.”

Alam kong si Satanas ang dios ng sanglibutang ito. Bawa’t bansa na nasa ilalim ng langit ay pinamamamahalaan niya. Eksakto. Kay Satanas ang sanglibutang ito, subali’t kukunin ito ni Jesus. Inialok niya ito sa Kaniya isang araw. At tinanggihan Niya ito, subali’t, sabi Niya, ’pagka’t alam Niyang Siya ang tagapagmana nito sa mga panahong darating.

37 “Mga manunuya.” Gumugol lamang tayo ng ilang sandali sa isang salitang iyan, bago tayo pumalaot. Ang mga manunuya!

Nagbabasa ako ng pahayagan, mga dalawang linggo na ang nakaraan, sa Tucson, na kung saan isang Ingles na mula sa Inglatera ay nagpahayag. Nasa mga pangunahing balita ’yun sa mga diyaryo, na ang pagkapako sa krus ng ating Panginoong Jesus Cristo ay panlilinlang lamang, sa pagitan ni Pilato at ni Jesus, na dumating Siya upang gawing . . . upang

itanyag lamang ang Kaniyang Sarili. At walang paraan na mapapabulaanan natin iyon sa kanila, dahil sa ang lahat ng mga bagay ng Dios ay kailangang tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya. Kailangan natin itong sampalatayanan. Ngayon, nagpatuloy siyang magbigay ng paglalarawan kung paano 'yun maisasagawa.

38 Dito di pa kalaunan, sa bantog na bansang iyon, ang London, sa Inglatera, pala, kung saan si John Wesley at si Charles, at marami sa mga tanyag na mga mangangaral nang mga unang panahon, sina Spurgeon at iba pa, ay nangaral ng Ebanghelyo sa mga pamilihan ng dayami at sa lahat ng dako roon. Tinanggihan nila ang mensaheng iyon sa kanilang panahon, at tingnan n'yo kung ano sila sa araw na ito.

Naroon sina Kapatid na Williams at iba pa sa gabing ito. Isa na ito sa mga pinakamababang-uring bansa sa mundo. Naikot ko na ang mundo, nguni't wala akong alam na anumang napakasamang katulad ng Inglatera. Ito'y. . . Ganun din ang sabi ni Billy Graham. Aba, kinailangan niyang ilayo sa mga parke ang maybahay niya, kung papaanong ang—ang—ang ginagawa sa pagitan ng mga lalaki't babae ay nangyayari, nang lantaran, sa mga parke. Noong naroon ako, hindi pa ako nakakita ng bagay na makakasakit sa puso ng tao nang higit pa sa nangyayari sa Inglatera; na ito'y nagkaroon noon ng pagkakataon, at, minsan, nanguna sa mundo sa repormasyon. Ipinakikita lamang kung gaano itong maaaring mahulog.

39 Subali't, kita n'yo, kung ano ang sanhi niyan, ang mensaheng ipinahayag noon, sinisikap ng mga Ingles na manghawakan sa mensahe ring iyon para sa araw na ito. Hindi na 'yun uubra sa araw na ito. Hindi 'yun uubra. Paanong ang . . .

40 Paano kaya kung dumating si Moises at ipinahayag ang Mensahe ni Noe, "Gagawa tayo ng daong at magpapalutang doon sa Nile"? Hindi maaari iyong umubra. At maging ang Mensahe ni Jesus ay hindi rin maaaring umubra noong kay Moises. At ni hindi rin uubra ang Mensahe ni Wesley kay Luther; o ang kay Luther na Wes- . . . na mensahe, pabaliktad.

At sa araw na ito, tayo, ang huling dakila nating repormasyon ay ang Pentecostes. At ngayon tayo ay papalayo na roon. At ang mensaheng Pentecosal ay hindi puwedeng humalo Rito, dahil sa ito'y panibago na namang araw. Salita ng Dios lahat ito, subali't ito'y nabubuo. Kagaya ng mga paa, mga bisig, pataas, binubuo nito ang isang Nobya para sa Pag-agaw. Kita n'yo? Huwag—huwag ninyong tanggalan ng lugar ang mga taong iyon noon; namuhay sila sa kanilang Mensahe. Lahat sila'y babangon, na nasa Nobya.

Kagaya ng buhay na dumadaan sa isang tangkay ng trigo. Iniiwan nito ang trigo, ang talukap, subali't binubuo ng trigo ang sarili nito na katulad ng butil ng trigo na nahulog sa lupa.

41 Dito hindi pa kalaunan, binabasa ko ang isang aklat na isinulat ng isang Aleman, sa pagpuna. Sabi niya, "Sa lahat ng—sa lahat ng mga panatiko sa mundo, si William Branham ang nangunguna sa kanilang lahat." Sabi niya, "Aba, siya ay wala nang iba kundi isang. . . Siya'y isang—siya'y isang salamangkero. Ginagawa niya ang mga ganitong bagay." Kita n'yo, 'yung tao, na hindi nalalaman.

42 At, sa gayon, 'yung lalaki ay isang kritiko. Ni hindi siya naniniwala sa Dios. Sabi niya, "Ang isang Dios na makapananatili sa mga panahon ng kadiliman, nakalagay ang Kaniyang mga kamay sa Kaniyang tiyan, at tinatawanan ang isang grupo ng mga Cristiano; mga ina pa naman, at ang Sarili Niyang mga alagad, na dapat sana; mga inang may maliliit na mga anak at bagay-bagay, at hahayaang kainin sila ng mga leon; at ni hindi man lang mag-angat ng kamay." Nakita n'yo na kung saan ang karnal na kaisipan, kung saan na ang edukasyon at mga bagay-bagay, hindi maunawaan ang pangitain? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

43 Kinailangang mahulog ang butil ng trigong iyon sa lupa. Kung paanong kinailangang mahulog si Jesus, upang bumangong mag-uli, ganun din naman na kinailangang mahulog ng iglesya ng pentecostes. Kailangan itong mabaon sa lupa, sa mga kapanahunang iyon ng kadiliman. Anumang trigo na. . . Anumang butil na nababaon sa lupa, kailangan iyong mahimlay sa madilim na kapanahunan na iyon, upang umusbong.

Subali't nagpasimula iyong umusbong kay Martin Luther. Dumaan kay Wesley. Patuloy patungong Pentecostes. Ngayo'y pumasok, upang lumabas sa butil. At ngayon ang mga maka-denominasyong sistema na kanilang iniwan, mga tangkay sila, ganun lang. Iyon ay susunugin, ang naturang sistemang denominasyon. Nguni't ang tunay na binhi ng trigo na lumabas sa bawa't isa sa mga repormasyong iyon ay aagawin pataas sa Nobya. Sama-sama iyong bubuo sa Nobya.

44 Ngayon nalaman natin, sa Inglatera doon, ginaya nila ang pagpapako sa krus, di pa kalaunan, isang grupo ng mga taong 'yun, yaong mahahabang. . . mga batang may mahahabang buhok at kung anu-ano pa, at nagsisihiyawan, tinatawag si Jesus na "daddy-o" at lahat ng mga ganung bagay. Napakababang-uring mga tao!

45 Ngayon sasabihin mo, "'Yun ay sa London, ng Inglatera."

Tingnan n'yo kung ano ang nasa pahayagan noong nakaraang linggo, dito sa kalakhang America. Isang kilalang doktor ng dibinidad, nagmula sa isang magaling na paaralan, ang nagsabi na ang—ang naturang pagpapako sa krus ay huwad. Nagsabi na, "Tinangka lang ni Jesus na gawin ang Sarili Niyang ganoon; na uminom Siya nitong damong mandragora."

At nasumpungan natin ito sa Genesis, kung saan binabanggit ito. Isa itong damong katulad ng marijuana o kung ano man. Masusumpungan ito sa Silangan doon. At kapag ininom mo ito, patutulugin ka nito. Marahil. . . At tila ba ika'y patay na, biglang napayukayok, lahat na, sa loob ng dalawa o tatlong araw sa isang pagkakataon.

46 Sabi niya, "Noong bigyan nila Siya ng suka at apdo, posibleng-posible na 'yun ay damong mandragora. At noong gawin nga nila, ibinigay nila iyon sa Kaniya, at bigla Siyang napayukayok na para bang Siya'y patay na. Inilagay nila Siya sa libingan, at inihimlay nila Siya roon. Matapos ang dalawa o tatlong araw, tiyak, sa pagbabalik, kung gayo'y gising na naman Siya, nasa maayos na." Sabi, "Nagtungo Siya sa India at namatay sa kung saan man, sa isang ordinaryong kamatayan, na sinisikap na manghuwad ng isang relihiyon."

Unang-una na, ang kritikong iyon, anong problema sa mga tao? Kita n'yo, sa araw lamang na ito na kinabubuhayan natin, mga mapanuya, kita n'yo, ang araw upang maganap ang naturang propesiya.

47 Naglaan ang Dios ng Kaniyang Salita sa bawa't kapanahunan, at bawa't isa sa mga kapanahunang iyon ay kailangan ihayag iyon. At Siya rin naman ay una nang nagtalaga ng mga tao para sa kapanahunang iyon, upang tuparin ang Salitang iyon. Sa tuwing maglalaan Siya ng Kaniyang Salita, naglaan Siya ng isang tao para Dito. Noong inilaan Niya ang panahon ni Moises, inilaan Niya si Moises Roon. Noong inilaan Niya ang panahon na isisilang ang Anak ng Dios, inilaan Niya Siya para doon. Sa bawat kapanahunan, inilaan Niya ang Kaniyang tao, una nang itinalaga, kagaya ng sinabi ng Biblia. Walang. . .

48 Kung ang Dios ay walang katapusan, Dakila sa lahat, makapangyarihan sa lahat, alam ang lahat ng dako, alam ang kalahat-lahatan, aba, alam Niya ang lahat ng bagay mula sa pasimula. Kaya, alam Niya. Walang anuman na nawawala sa ayos. Tayo lang ang nag-iisip ng ganoon. Lahat ay gumagana. Tumingin pabalik sa Kaniyang Salita at tunghayan kung ano ang Kaniyang ginagawa, kung gayon mapag-uunawa natin.

49 Ngayon, isipin lamang. Sa una pa lang, kung naisip lang sana ng ministrong 'yon, nang inilagay nila ang suka at apdong iyon sa Kaniyang bibig, idinura Niya iyon. Hindi Niya 'yon nilunok, sa una pa lang. Kita n'yo? Mga manlilibak lamang na nagsisilitawan! Isa pang bagay, paanong itong si Jesus na taga-Nazaret, paanong tumugma ang buhay Niya sa bawa't propesiya ng Lumang Tipan? Paanong nangyari 'yun? Hindi sana nangyari 'yun maliban na itinalaga iyon ng Dios. Umakma ang buhay Niya sa bawa't propesiya ng Lumang Tipan. Isa pang bagay, kung pinagkunwa Siya ng mga disipulong iyon nang ganoon,

bakit namatay ang bawa't isa sa kanila sa pagka-martir na kamatayan? At maging si apostol Pedro ay nagsabi, "Ipatiwarik n'yo ako. Hindi ako karapat-dapat na mamatay nang gaya Niya." Kung paanong kinuha nila si Andres at ipinatagilid siya sa krus. Sila, bawa't isa, sinelyuhan ang kanilang patotoo ng kanilang sariling dugo. Sinampalatayanan nila Siya at minahal Siya, at ibinigay nila ang kanilang buhay para sa Kaniya. Kung siya ay isang manghuhuwad, paano nila magagawa 'yun? Kita n'yo? Ang espirituwal na aplikasyon, hindi 'yun nauunawaan ng mga tao.

50 Heto ang isang kilalang tao rito, hindi pa katagalan, isang kilalang rabbi na nagsulat na, "Si Moises, habang nagdaraan sa Dagat na Pula," sabi, "hindi talaga 'yun tubig. Ang mga tubig ay hindi kailanman naging pader." Sabi, "Kung ano iyon, doon sa kabilang dulo ng Dagat na Pula, ay may kumpol ng tambo. At dumaan siya sa mga pang-tubig na tambo, sa mga tambo ng tubig. Walang tubig doon. Isang kumpol lang ng mga tambo, isang karagatan ng—ng mga tambo ang dinaanan nila." At maraming mangangaral ang naniniwala roon, sila, at tinanggap iyon.

51 Dito di pa kalaunan, noong pumailanlang ang unang astronaut, bumalik siya, at wala siyang nakitang anuman na sa Dios. Maging mga ministro ay napaikot niyon. Inakala nilang ang Dios ay nakatira mismo sa isang dako sa itaas roon, isang daan at limampung milya ang taas.

52 Aba, naku, gaanong ginawa ng edukasyon at karunungan ang iglesya na isa nang kumpol ng mga ragweed! Ang. . .Ang edukasyon nito at ang sistema ng edukasyon, ang agham at kabihasnan, ay sa Diablo. Ito ang sibilisasyon ng Diablo. Sinabi nga ng Biblia ang gayon.

At ang Sibilisasyon natin na darating ay walang kinalaman sa sibilisasyong ito, man lang. Wala nito, man lang. Magkakaroon ng kakaibang Sibilisasyon, sa sibilisasyong ito at maka-agham na sanglibutang ito na meron tayo. Kung saan na mas lalong lumalago ang siyensiya, na nagiging mas siyentipiko pa tayo, ay mas lalo pa tayong pumapalaot sa mga bagay ng kamatayan, sa mga patibong para pumatay, at lahat na. Sa bagong Sibilisasyong iyon, wala nang kamatayan, wala nang karamdaman, paghihinagpis, o wala nang sakit. Kita n'yo? Wala Roong anupaman. Kaya kailangang sirain ang sibilisasyong ito, dahil sa ito'y sa Diablo.

53 Napag-alaman natin, na sa Genesis 4, na pinasimulan ng lahi ni Cain ang sibilisasyon, sa pagtatayo ng mga bayan at mga siyudad, at iba pa, at mga instrumentong pang-musika, at naging sa siyensiya. At lalong napalayo pa ang mga tao sa Dios, gayunma'y mga relihiyoso. Subali't nang dumating ang lahi ni Seth, nagsimula silang lumapit, tumawag sa Pangalan ng Panginoon.

Ah, pag-usapan nga naman ang isang mapanlinlang!

54 Hindi ako naparito para saktan ang damdamin ninuman, magsalita ng isang bagay tungkol sa isang iglesya. At kung narito kayo, at kabilang sa iglesyang ito, hindi ko sinasabi ito para saktan ang inyong damdamin; 'pagka't maraming mabubuting tao roon, na kagaya sa ibang mga iglesya. Subali't nagbabasa ako sa Shreveport noong nakaraang linggo, kung saan ang iglesyang Katoliko ay nagbitiw ng isang pahayag.

At nakikita natin kung saan silang lahat ay nagsasama-sama na ngayon sa napakalaking konsehong ekumenikal, at kung ano pa, sadyang isinasakatuparan kung ano ang sinabi ng Biblia na gagawin nila. Sadyang tugmang-tugma.

55 Ngayon nalaman nating sinabi nila, "Aba, ang Biblia . . ." Ang ilan sa mga Protestante ay nais manghawakan sa Bibliang iyon. "Aba," sabi, "ang Biblia ay walang anuman kundi isang aklat lamang, isang kasaysayan ng iglesya, at wala sila niyon sa literatura hanggang sa mga dalawang daan at limampung taon nang nakararaan. Noon pa'y laging ang iglesya na." Sabi, "Ang iglesya 'yun, hindi ang Biblia, at ang Biblia ay kasaysayan lamang ng ginawa ng iglesya." Anong tusong kasinungalingan 'yon! Aba'y, taglay na natin ang Biblia sa loob ng tatlong libong taon. Ang Lumang Tipan ay naisulat na sa Kasulatan, nang daan-daang taon bago pa ang pagdating ni Cristo. Isa lamang tusong bagay ng Diablo!

56 At nalaman natin sa araw na ito, kapag ang malawakang panunuyang ito at ginagawang katatawanan ang Biblia, at sinisikap na itulak Ito palabas, kailangang hatulan ng Dios ang iglesya sa pamamagitan ng isang bagay. Hindi Siya maaaring maging makatuwiran . . .

Hindi sila maaaring pumunta sa kalsadang ito at dakpin ako, at sabihing tumatakbo ako nang tatlumpung milya bawa't oras sa isang pang-dalawampung milyang sona, malibang may bagay doon na magsasabi sa akin na pinahihintulutan lamang akong magpatakbo nang dalawampung milya. Dapat naroon 'yon.

At hahatulan ng Dios ang iglesya, hahatulan ang mga tao, balang araw. Alam natin iyon. May Paghatol na paparating. Kaya kung hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng iglesyang Katoliko, aling iglesyang Katoliko? Kung hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng Methodist, ang Baptist ay wala na. Hatulan Niya ito sa pamamagitan ng mga naniniwala sa iisa, ang mga naniniwala sa dalawa ay wala na. Kita n'yo? Sa pamamagitan ng alin Niya ito hahatulan? Sinabi Niya hahatulan Niya ito sa pamamagitan ni Cristo, at si Cristo ang Salita. Kung ganoon ang Salita ng Dios iyon, na ipanghahatol ng Dios. "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Dios, at ang Salita ay Dios. At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin. Ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man."

Kita n'yo? Kung ganoon, hahatulan Niya ito sa pamamagitan ng Kaniyang Salita.

57 At ngayon nalaman natin na sa araw na ito, kung kailan pinipilit nilang itulak palabas ang Biblia, "Tanggapin n'yo ang iglesya. Ang Biblia; ayawan n'yo Ito. Ang iglesya," upang makagawa lang sila ng kahit anong uri ng kredo o ano pa mang bagay, at lumakad sa pamamagitan nito.

58 Buweno, gaya ng sinasabi ko noong nakaraang gabi sa Shreveport. Sa—sa komunyon, kapag pinatay nila ang korderong handog na iyon, dapat ay "walang lebadura sa gitna nila, sa loob ng pitong araw," walang lebadura, walang tinapay na may lebadura. Lahat dapat ay walang lebadura. Ikinakatawan niyon ang pitong kapanahunan ng iglesya na natalakay natin sa aklat roon, at walang pampaalsa. Ano? Bagay 'yon na naihalo Roon. At inihahalo natin ang kredo at denominasyon, lahat na ng bagay, kasama ng Salita, at ipinipilit pa ring tawagin iyon na siyang Salita. "Walang lebadura, sa loob ng pitong araw."

59 At maging kung ano ang kinakain sa araw na ito, huwag nang subukan pang itago ito para bukas. "Sunugin ito ng apoy, bago magbukang-liwayway," sapagka't may bagong Mensahe na darating, at isang bagong bagay. Kita n'yo, pilit na pinatatagal iyon, subali't ganoon lagi ang naging ugali ng iglesya. Lalaganap ang isang rebaybal, at kagyat na malalaman mo, sa loob ng mga tatlong taon, nagpapasimula na sila ng isang organisasyon doon. Magsisimula ang isang denominasyon, organisasyon.

Subali't napansin n'yo ba? Dalawampung taon na itong lumalaganap ngayon, at walang organisasyon. At hinding-hindi na magkakaroon pa. Ito na ang hangganan. Ang trigo ay naging trigo na muli. Bumalik na ang trigo sa butil Nito. Ang talukap ay humiwalay na Rito. At ang trigo ay kailangang mabilad sa Presensiya ng Anak, upang mahinog.

60 Hindi ba 'yon kakatwang bagay, na, hindi pa katagalan, sa Baybaying Silangan, ang malawakang pagkawala ng liwanag? Hindi nila iyon maunawaan. Nagdilim ang Texas, noong nakaraang linggo. Hindi nila iyon maunawaan. Hindi ba ninyo napagtatantong isang tanda 'yon? Hindi ba ninyo nalalamang ang mga bansa ay nagkakagulo na? Ang Israel ay nasa kaniyang sariling bayan na. At ang mga tandang ito ay nagsasabing tayo'y nasa katapusan na. Sa oras din na nagdidilim, hindi ba ninyo alam na 'yun ay tanda na sinabi ng propeta? Siyanga. "Subali't Magliliwanag sa oras ng gabi," na may Liwanag na darating sa oras ng gabi, kapag ang pagdidilim at bagay-bagay ay nangyayari na kagaya ng mga ito ngayon.

61 Tingnan ninyo sadyang kung paano nagdilim. Nagpunta lang ang papa sa dako rito.

Natatandaan ba ninyo, sa tabernakulo, nang yaong. . . May mga teyp kayo. Sa palagay ko, kumukuha kayong lahat ng mga

iyon. Kung paanong ipinakita roon ng Panginoon noong araw na iyon, sa tabernakulo, tugmang-tugma kung saan ilalagay 'yung mga kapanahunan ng iglesya at kung paano ang mga iyon! Iginuhit ko ang mga 'yun sa pisara doon, yaong mga kapanahunan ng iglesya na nakikita ninyo ritong iginuhit sa isang aklat. At kung hindi nanaog ang Banal na Espiritung iyon sa isang malaking Haliging Apoy, at pumunta banda roon sa pader na iyon at iginuhit ang mga Iyon, Mismo, habang nakaupo ang tatlo o apat na raang mga tao, na nakatingin Dito!

At pagkadating rito ng papa, ang buwan ano't anuman ay nagdilim. At kinunan nila ng mga larawan ang mga 'yon sa ganoon ding pagkakaayos kung paanong naiguhit ito sa itaas roon sa entablado. Ngayon naglakbay siya sa dakong ito noong ikalabintatlo, naglakad ng labintatlong hakbang, nagsilbi ng komunyon sa labintatlo, sa isang bansa na may bilang na labintatlo, at nagdilim sa iba't ibang dako. Hindi ba n'yo nakikita kung nasaan na tayo? Nasa huling panahon na tayo.

62 "Ang mga manunuya ay magsisilitaw sa huling panahon, nagsasabi, 'Walang ipinagkaiba sa panahon noon, kaysa noong mangatulog ang ating mga magulang.'"

Subali't kapag nakita ninyong nagsisimula nang mangyari ang mga bagay na ito, itaas ninyo ang inyong ulo, maghanda na kayo. May maaaring mangyari anumang oras, si Cristo ay darating para sa Kaniyang Iglesya.

63 Ngayon, hindi nila 'yon pinaniniwalaan, dahil iyon ay isang . . . 'yun ay isang . . . Kanilang, sila'y ipinapala- . . . Hindi nila napagtatanto na sila ang tumutupad sa Mga Kasulatan. Hindi talaga 'yun napagtatanto ng mga tao, na ginagawa ang mga bagay na ito at sinasalita ang mga ganitong bagay, kanilang tinutupad ang Mga Kasulatan.

Lingid sa kaalaman ni Caifas, ang punong saserdote, at lahat ng mga saserdote noong araw na iyon, na nanuya at ginawa Siyang katatawanan, ay hindi alam na, ang mismong Dios na pinatutungkulan ng awit nilang, "Dios Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?" Ang ika-22 Awit, "Binutasan nila ang Aking mga kamay at Aking mga paa." Kinakanta iyon sa templo, at Siya'y naghihingalo roon sa krus. Lingid sa kaalaman nila'y ginagawa nila iyon. Maging si Jesus ay dumalangin, "Ama, patawarin Mo sila. Hindi nila alam ang kanilang ginagawa." Dahil, sa katunayan sila'y iprinopesiya na, ng Mga Kasulatan, na magiging mga bulag.

64 Alam n'yo ba na ang Protestante at iglesyang Katoliko ay iprinopesiya na, sa mga huling araw, na magiging mga bulag, ganoon din, sa Mga Kasulatan, na si Cristo ay nasa labas, nagsisikap na makapasok? "Sapagka't sinasabi mo, 'Ako'y mayaman, at hindi nangangailangan ng anuman,' hindi mo nalalamang ikaw ay maralita, dukha, aba, hubad, at bulag, at

hindi nalalaman iyon," Apocalipsis 3. Hayan nga kayo, bumalik muli sa pagkabulag, niyuyurakan ang mga bagay ng Dios, na tila ba (ang mga ito) Ito'y walang anumang kabuluhan sa kanila, nanunuya at ginagawa Itong katatawanan. Ganiyan ang sinabi ng Biblia.

65 Subali't, sa Iglesya, sa Nobya, ang Pag-agaw ay isang kapahayagan sa Kaniya. Iyon ay naihayag sa Kaniya. Na, ang kapahayagan, ang tunay na Nobya ni Cristo ay maghihintay para sa kapahayagan na iyon ng Pag-agaw.

66 Ngayon, isang kapahayagan iyon, sapagka't ang kapahayagan ay pananampalataya. Hindi ka maaaring magkaroon ng kapahayagan na hindi iyon pananampalataya. Ang pananampalataya ay isang kapahayagan, dahil isang bagay ito na inihayag sa iyo. Ang pananampalataya ay isang kapahayagan. Ang pananampalataya ay isang bagay na nahayag sa iyo, kagaya noon kay Abraham, na nagagawang tawagin ang anumang bagay na salungat sa kung ano ang naihayag sa kaniya, na tila baga hindi ganoon. Ngayon, ang pananampalataya, ganoon ang pananampalataya, ay ang kapahayagan ng Dios. Ang Iglesya ay itinayo sa isang kapahayagan, ang ganap na buong Katawan.

67 Dito ilang linggo na ang nakararaan, nakikipag-usap ako sa isang mabuting ministrong Baptist. Dumating siya upang makipagtalakayan sa akin. Sabi niya, "Gusto kita bilang isang tao, subali't," sabi, "nalilito ka."

Sabi ko, "Kung ganoon, isinasamo ko tulungan mo akong maituwid," (sabi niya . . . ) "sa pamamagitan ng Kasulatan."

Sabi niya, "Hindi talaga natin magagawa, Kapatid na Branham, na mapag-ugnay-ugnay ang mga bagay hanggang sa kunin natin ang bawa't Salita at Salita, at Salita, nang eksakto sa Griego, at iba pa."

68 Sabi ko, "Oh, ginoo, alam mo ang mas mabuti pa riyan." Sabi ko, "Maging sa Konseho ng Nicaea, ganoon na katagal, tatlong daang taon mula noong kamatayan ni Cristo, nagtatalo-talo pa rin sila kung sinong iskolar ng Griego ang tama. Malalaman mo. Ito'y isang kapahayagan, ang kabuuang bagay. Ay ka- . . . "

Sabi niya, "Hindi ko matatanggap ang kapahayagan."

Sabi ko, "Kung ganoon paano mo matatanggap si Cristo?"

Sabi niya, "Aba, sinabi ng Biblia, 'Ang sumasampalataya ay . . . kay Jesus Cristo, ay may Buhay na walang hanggan.'"

69 Sabi ko, "Totoo 'yan. Sinasabi rin Nito na walang makatatawag kay Jesus na Cristo kundi sa pamamagitan lamang ng kapahayagan ng Banal na Espiritu na naghayag niyon sa kaniya." Kita n'yo? Hayan nga kayo, bumalik sa kapahayagan muli, bumalik mismo sa kapahayagan. Kailangan na maihayag iyon, sa Biblia.

70 Walang Bibliang nabasa si Cain at Abel, subali't nahayag iyon kay Abel, sa pamamagitan ng pananampalataya, na isang kapahayagan. Naghandog si Abel ng mas mabuting hain kaysa kay Cain. Na, pinatotohanan ng Dios na siya'y matuwid.

Noong tinanong si Jesus dito, Mateo 16:17 at 18. Wala na tayong oras para basahin ito, subali't kung gusto n'yo itong isulat. Sabi Niya, "Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino Ako na Anak ng tao?"

"Isa sa kanila ang nagsabing Ikaw si 'Moises, Elias, o iba pa.'"

Sabi Niya, "Subali't ano ang sabi ninyo kung Sino Ako?"

71 Sabi niya, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Dios."

72 Sabi Niya, "Mapalad ka, Simon, na anak ni Jonas, sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at dugo. Ang Aking Amang nasa Langit ang nagpahayag Nito sa iyo. Sa ibabaw ng batong ito," ang espirituwal na kapahayagan kung Sino ang Dios, kung Sino si Jesus. At Siya ang kapahayagan ng Dios, ang Dios na nagkatawang-tao at ipinahayag sa sanglibutan.

"Siya ay nasa sanglibutan. Ang Dios ay na kay Cristo, pinakipagkasundo ang sanglibutan sa Kaniya, ipinahahayag kung ano ang Dios, sa katawang laman."

"Ikaw ang Cristo, ang Siyang pinahiran, ang Anak ng Dios."

73 Sabi Niya, "Hindi ipinahayag ito sa iyo ng laman at dugo, kundi ng Aking Amang nasa Langit ang nagpahayag nito sa iyo. Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, ang kapahayagan ng Salita sa kapanahunan Nito. Itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban Dito."

74 Ang Aklat ng Apocalipsis ay ang huling Aklat ng Biblia. Iyon ay selyado sa mga hindi mananampalataya. Doon, sinasabi ng Biblia, sa ika-22 kabanata, "Sinoman ang magalis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Rito, aalisin Ko ang kaniyang bahagi sa Aklat ng Buhay." Napagtatanto natin na, kung ganoon, itong lahat ay ibinigay sa mga mananampalataya. At binubuksan Nito ang Aklat ng Apocalipsis at ipinahahahayag kung Sino ang May-akda ng buong Aklat na ito. "Dapat Siyang tanghalin bilang Alpha at Omega," mula sa Genesis hanggang sa Apocalipsis, si Jesus Cristo pa rin, tuluy-tuloy hanggang sa dulo. At ipinahahayag ang Kaniyang buong hiwaga ng Kaniyang Sarili, at ang mga plano Niya para sa Kaniyang mga kapanahunan ng iglesya na darating, at sinelyuhan doon sa pamamagitan ng Pitong Tatak.

75 Ngayon, isinulat ang Aklat, subali't ganoon pa man, alalahanin, sinelyuhan Iyon ng Pitong Tatak. At ang Pitong Tatak na ito ay hindi bubuksan (Apocalipsis 10) hanggang sa pag-ihip ng huling panlupang anghel sa lupa, Apocalipsis 10:7.

Kita n'yo? "At sa mga araw ng pag-ihip ng Mensahe ng huling anghel, ikapitong anghel, kung gayo'y mahahayag na ang hiwaga ng Dios sa kapanahunang iyon." Iyon, at 'yun ang kapanahunang ating kinabubuhayan.

76 Alam nating lahat na nabubuhay tayo sa Kapanahunan ng Laodicea. Wala nang iba pang susunod na kapanahunan rito. Hindi maaari. Kaya, nabubuhay tayo sa Kapanahunan ng Laodicea. At ang Pitong Tatak na ito na nagselyo sa Aklat na iyon, ay isang hiwaga sa mga tao, ay dapat na mabuksan na sa araw na iyon. Iyon ang ipinangako Niya. Ngayon, hindi iyon bagay na labas sa Salita, dahil hindi ka maaaring magdagdag sa Salita o mag-alis sa Salita. Kailangang manatili iyong laging ang Salita. Subali't ang kapahayagan ay upang ipahayag ang Katotohanan Nito, kung ano Ito, para lumapat Ito sa lahat ng iba pang Kasulatan. At pagkatapos pinagtitibay iyon ng Dios bilang Katotohanan. Kita n'yo?

77 Hindi kailangan ng Dios ng tagapagpaliwanag. Siya Mismo ang Kaniyang Sariling tagapagpaliwanag. Ginagawa Niya ang Kaniyang Sariling pagpapaliwanag sa pamamagitan ng pagtupad sa mga bagay na sinabi Niyang mangyayari. Gaya, sa pasimula, sabi Niya, "Magkaroon ng liwanag," at nagkaroon ng liwanag. Hindi na niyon kailangan ng pagpapaliwanag. Pinagtibay iyon.

78 Ngayon, nangako Siya ng tiyakang mga bagay sa huling araw na ito, sa Kasulatan. Aba, hayun na 'yun.

Gayon kung paanong si Jesus ay Anak ng Dios. Ipinangako Niyang isusugo Siya. Noong Siya ay nasa Kaniyang mga kaarawan dito sa lupa, at hindi Siya masampalatayanan ng mga tao, sabi Niya, "Saliksikin ninyo ang Kasulatan, sapagka't iniisip Ninyo na sa mga Yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang mga Ito'y Siyang nagpapatotoo tungkol sa Akin. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayo'y huwag ninyo Akong sampalatayanan. Subali't kung hindi ninyo Ako masampalatayanan, magsisampalataya kayo sa mga gawa na ginagawa Ko, 'pagka't ang mga ito ang napapatotoo kung Sino Ako."

79 Buweno, noon, sa panahon ni Wesley, ang mga gawang ginawa niya ang nagpatotoo kung sino siya.

Sa kapanahunan ni Luther, noong repormasyon, aba, tiyak, pinatotohanan nito kung sino siya.

80 Sa mga kaarawan ng mga Pentecostal, ang pagpapanumbalik ng mga kaloob, ang pagpapanauli ng mga kaloob, ang pagsasalita sa iba't ibang wika at pagpapalayas ng mga demonyo, at ang mga kaloob, aba'y, nagpatotoo ito. Walang biro-biro tungkol dito. Sabi ng mga tao, noong unang lumitaw ito. . .Binasa ko ang mga aklat tungkol sa kasaysayan ng Pentecostes. Sabi nila, "Hindi nito kayang tumagal. Mawawala

na ang apoy nito." Nagliliyab pa rin ito. Bakit? Dahil sa hinding-hindi mo iyon maaapula. Sinabi ng Dios na darating iyon. Iyon ang bahagi ng Salita, at hindi mo na iyon maaapula pa.

At pagkatapos kapag tinatawag na ang Nobya, paano mo iyon maaapula? Iyon ang kapahayagan ng kahayagan ng Salita na pinatotohanan. At nabubuhay tayo sa araw na iyon; papuri sa Dios; ang kapahayagan ng hiwaga ng Kaniyang Sarili.

81 Ngayon, ang Pag-agaw ay tanging. . .Ang Pag-agaw na ito na pinag-uusapan natin, ay para lamang sa Nobya. Alalahanin, sinabi ng Biblia, "At ang iba sa mga patay ay hindi nabuhay hanggang sa natapos na ang isang libong taon." Ang dakilang Pag-agaw na ito! Kung walang Pag-agaw, mga kaibigan, nasaan na tayo? Anong gagawin natin? Anong kapanahunan na ang kinabubuhayan natin? Anong pangako ang taglay natin? Magkakaroon ng Pag-agaw. Sinasabi ng Biblia na magkakaroon nga. At Iyon ay para lamang sa mga itinalaga, sa Hinirang na Binibini, sa Nobya sa araw na ito, na hinugot na palabas, ang Iglesya.

82 Ang mismong salitang, *iglesya*, ay nangangahulugang "tinawag palabas sa." Kung paanong tumawag si Moises ng isang bayan mula sa isang bansa, ay gayon din na tumatawag ang Espiritu Santo ng isang Nobya palabas sa isang iglesya; isang Iglesya palabas sa isang iglesya; mga miyembro, mula sa bawa't denominasyon, bumubuo ng isang Nobya, punongkahoy na Nobya. Iyon ay nasa—nasa teyp na, *Ang Punongkahoy Na Nobya*. Isang Nobya na lumalabas, sa pagtawag, at 'yun ang siyang punongkahoy na Nobya. Ang—ang Nobya, ibig kong sabihin, ang Siyang sasama sa Pag-agaw; na, mag-isa, wala nang iba kundi ang Nobya lang, ang mga pinili na nang una pa'y kilala na ng Dios mula pa sa pasimula, ang espirituwal na mga binhi ng Ama.

Hayaang huminto ako dito panandali. At ako'y patuloy na ninenerbiyos, iniisip na pananatilihin ko kayo, pananatilihin kayo nang masyadong matagal.

83 Subali't, pansinin, tingnan, bawa't isa sa inyong mga tao. Alam n'yo ba, mga taon ang nakararaan bago kayo isinilang, naroon na kayo sa inyong ama bilang isang binhi? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tama 'yan. Isang binhi, isang punla, ang nasa inyong ama noon; nagmumula sa lalaki, hindi sa babae. Kita n'yo? Ang babae ang naglalaan ng itlog, isang punlaan. Subali't ang binhi ay nanggagaling sa a-. . .Ngayon, halimbawa, sa aking ama. . .

84 O, ang anak kong lalaki na nakaupo dito, noong labing-anim na taon ako, ang anak ko ay nasa akin na. Hindi ko siya kilala noon, subali't nandoon na siya. Ngayon, sa pamamagitan ng isang punlaan, sa pamamagitan ng banal na pagkakasal, nabuo siya sa larawan ko. Kilala ko na siya. Makakasalamuha

ko na siya. At sadyang dumating siya sa oras na nasa tamang panahon na.

85 Ngayon, ganoon ka rin noon na naroon na, kung taglay mo ang Buhay na Walang Hanggan, ikaw noon ay isang... nasa Dios na bago pa man magkaroon ng sanglibutan. Isa kang bahagi, isang anak ng Dios, isang katangian ng Dios. Alam Niya ang mismong kapanahunan na darating ka. Itinalaga ka Niya para sa panahong iyon, para kunin ang lugar na iyon, at wala nang iba pang makakakuha nito; kahit na gaano pa karami ang panggagaya at bagay-bagay. Darating ka nga, dahil sa alam Niyang darating ka. Ngayon nahayag ka na. Ngayon maaari mo na Siyang makasama, at 'yun ang gusto Niya. Nasasabik Siya sa pakikisama, ang sambahin. Subali't kung ang buhay mo ay hindi...noon pa'y isa nang katangian ng Dios, isang manggagaya ka lang ng Cristianismo. Kita n'yo? Magkakaroon ng milyun-milyon at bilyun-bilyon nila, mga manggagaya lang sila ng Cristianismo.

86 Isang pagpansin na sinabi ko kamakailan lamang. Pinapanood ko noon si Kapatid na Demos Shakarian banda roon, noong nagha-hybrid sila ng baka, minamasdan ang mga tubo na pinagsusurian, at iba pa, na kinukuha ng mga doktor, at pinapanood ang mga bagay na ito.

87 Sa literal na inilalabas ng lalaki, mayroong humigi't kumulang isang milyon na mga binhi na lumalabas mula sa lalaki nang minsanan. At humigi't kumulang isang milyong itlog ang nagmumula sa babae sa—sa iisang pagkakataon. Subali't alam ba n'yo, sa lahat ng mga mumunting binhing paikut-ikot, isang milyon sila, isa lamang sa kanila ang itinalagang mabuhay, at may isang itlog lamang na maaaring mabuo? At ang munting binhing iyon ay gagapang sa bawa't isa sa kanila na mga mumunting binhi, sa ibabaw ng bawa't munting binhi na kamukhang-kamukha niya, at papaibabaw roon at pupunta rito, at hahanapin ang itlog na iyon na maaaring mabuo at gagapang papasok rito. At pagkatapos ang lahat ng iba pa sa kanila ay mamamatay. Aba, tungkol sa panganganak ng isang birhen, oh, hindi pa nangangalahati ang hiwaga niyon sa pisikal na kapanganakan, kung paanong 'yon ay itinakda na noong una pa, itinalaga na ng Dios!

88 Ngayon, sa pasimula, noon pa man, maraming taon na bago pa man nagpasimula ang panahon, ikaw, kung ikaw ay isang Cristianong ipinanganak na muli, sa gabing ito, nasa Dios ka na noon, na iyong Ama. Iyon ang dahilan, noong dumating ka sa buhay na ito rito at nagpahayag ng paniniwala sa Cristianismo, buweno, lahat ay magulo, nagtaka ka kung bakit *ganito*, at lahat *ito*. Ito, pinagtakhan mo ito. Subali't, isang araw, may Bagay na nakakuha ng pansin mo. Ano Ito? Ang Buhay na iyon na naroon, mula pa nang simula. At kung ito...

89 Katulad ng munti kong kuwento tungkol sa agila, sa paghahanap nito, ang paghahanap ng nanay nito sa agila. Narinig na n'yo akong nangaral tungkol doon, kung paanong ang inakay na agilang 'yun ay napisa sa lilim ng isang inahing manok. Subali't siya, ang mga gawi niya ng pagpapakain sa mga iyon—ang mga manok na iyon, hindi iyon makain ng inakay na agila, dahil sa hindi siya manok, unang-una na. Gayunman, naroon siya sa naturang kulungan kasama ng mga manok, at sinusundan ang manok. Subali't ito'y kakalahig sa bakuran ng kamalig at kung anu-ano pa, at hindi makatagal roon ang inakay na agila. Subali't sa tuwing ito ay kumukurok at lahat na, lahat ng mga mumunting sisiw ay sumasama, kaya't sumasama rin siya. Subali't isang araw . . .

90 Alam ng nanay niya na nangitlog siya ng dalawang itlog, hindi isa. Tiyak na mayroong isa pa, sa kung saan man. Hinanap niya ito, lumilipad-lipad sa palibot, paikot-ikot. Sa wakas napunta siya sa bakuran ng kamalig, at natagpuan niya ang kaniyang inakay, at sumigaw siya sa kaniya. Iyon ay isang tinig, na, napagtanto niyang 'yun ang bagay na akma. 'Yun ang hinahanap niya, kita n'yo, at noon niya napagtanto na hindi siya isang manok. Isa siyang agila.

At ganiyan, bawa't Cristianong ipinanganak na muli, kapag dumating ka. Wala sa akin kung ilan mang denominasyon ang inaniban mo, ilang pangalan, ang inilalagay mong pangalan sa mga aklat at bagay-bagay. Kapag ang tunay na Salitang iyan ng Dios ay pinagtibay at pinaging totoo sa harap mo gaya niyon, mapagtatanto mong ikaw ay agila, doon mismo. Dahil, lahat ng ito na pagkukurok ng manok, "Umanib ka sa *ganito* at umanib sa *ganito*, at pumunta ka sa *ganito* at sa *ganoon*," walang kabuluhan 'yun. Ito'y tunay, ipinapatong ang Salita sa Salita.

91 Kapag ang isang binhi ay pumapasok na sa sinapupunan ng—ng babae, hindi niyon kinukuha . . . Ikaw, hindi ka naging binhi na tao mula sa iyong ama, at pagkatapos ang sunod na bagay ay naging isa kang binhi mula sa isang aso, at ang sumunod mula sa isang pusa, ang sumunod mula sa isang manok. Binhi lang iyon ng tao.

At ang Katawan ni Jesus Cristo, ang Nobya, ay magiging bahagi ng Katawan Niya. Na . . . Siya ang Salita, at ang Nobya ay magiging Salita; Salita na ipinapatong sa Salita, ipinapatong sa Salita. Ang sa kay Luther na pag-aaring-ganap, ang sa kay Wesley na pagpapabanal, ang bautismo ng Espiritu Santo ng pentecostal, ang pagpapanumbalik ng mga kaloob, at lahat ng iba pa Rito, ay kasama Nito. Kita n'yo? Dapat Ito'y Salita sa ibabaw ng Salita, binhi sa ibabaw ng binhi, Buhay sa ibabaw ng Buhay, upang mahayag ang ganap na kapuspusan ng Nobya ng Panginoong Jesus Cristo. Ngayon, tandaan, ikaw ay isang katangian noon.

92 At ngayon, ang bagay dito, matapos nating malaman ang mga bagay na ito, na si Cristo ay Darating para sa Kaniyang Nobya, ngayon paano tayo makakapasok sa Nobyang iyon? 'Yan ang tanong.

Marami ang nagsasabi, "Sumali ka sa kongregasyon namin." Isa sa kanila ay nais ng isang uri ng bautismo. Gustong gawin *ito* o *iyon* ng isa. Sabi ng isa, "Dapat magsalita ka sa iba't ibang wika, kung hindi ay wala ka Niyaon." Sabi ng isa pa, "Hindi mo kailangang magsalita sa iba't ibang wika." Sabi ng isang *ito*, "Dapat kang magsayaw sa espiritu." Ika *nito*, "Dapat kang humiyaw." *Ito*, "May sensasyon." Lahat ng iyon ay mabuti, at pagkatapos, gayunman, mali itong lahat.

Paanong ang isang lalaking . . . o isang babae, o isang anak ng Dios, na ipinanganak ng Espiritu ng Dios, ay itatanggi ang Salita ng Dios? Gayong, ipinapaliwanag Mismo Ito ng Dios at sinasabing, "Ito na Iyon. Ipinangako Ko Ito. Heto na Ito," ipinapakita Ito nang sadyang napakalinaw na magagawa Nito. Aba, makikita't makikita nila Ito. Kita n'yo? Paanong itatanggi ni Cristo ang Sarili Niyang Salita? At kung si Cristo ay nasa inyo, hindi Nito maitatanggi ang Kaniyang Sariling Salita.

93 Kung ganoon papaano tayo makakapasok sa Katawang ito? Unang Mga Taga Corinto 12, "Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat tungo sa Katawang ito, sa pamamagitan ng isang bautismo ng Espiritu Santo." Iyan, kung gusto n'yong isulat 'yan, iyon ay Unang Mga Taga Corinto 12:13. "At sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat." At ang Espiritu ay ang Buhay ni Cristo. Tama ba 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang Buhay ni Cristo! At ang buhay ng anumang binhi . . . Na, Siya ang Binhing Salita, Bumubuhay sa Binhi. Nakuha n'yo? Kung yaong—kung naroon ang Buhay na iyon sa Binhi, at dumating itong bautismo ng Banal na Espiritu Rito, tiyak na ilalabas nito ang Buhay ng Binhi.

94 Katulad ng sinabi ko na sa inyo, dito sa Phoenix, di pa kalaunan. Kinakausap ko noon si Kapatid na John Sharrit. Naroon ako sa labas, at ipinakita niya sa akin ang isang puno, isang citrus. Siya—nagpapatubo siya ng maraming prutas na citrus. At ipinakita niya sa akin ang isang puno, may walo o siyam iyon na iba't ibang uri ng prutas na naroon. At sinabi ko, "Kapatid na Sharrit, anong uri ng puno 'yan?"

Sabi, "Isang puno ng kahel."

Sabi ko, "Bakit ang limon, at ang tangerine, at ang tangelo, at suha?"

Sabi niya, "Lahat ito ay prutas ng citrus. Ang mga ito'y iniugpong."

"Oh," sabi ko, "naunawaan ko na. Ngayon, sa susunod na taon, magkakaroon na ito ng puro kahel na lahat. Maging . . . "

95 “Oh, hindi. Mamumunga ang bawa’t puno ng kauri nito. Bawa’t sanga ay mamumunga ng kauri nitong bunga.”

96 Alam ng marami sa inyong mga nagtatanim ng prutas ’yan, dito sa lambak na ito ng mga citrus. Mamumunga ito ng kauri nito. Maglagay ka ng sanga ng limon sa isang puno ng kahel, mamumunga ito ng mga limon, ’pagka’t iyon ang katangian ng prutas na citrus. Gayunman, hindi niyon ibubunga ang orihinal na bunga.

At ganoon ang ginawa natin. Tayo’y iniugpong, kinuha kasama ng mga kredo, at iba pa, at iniugpong sa bawa’t isa, Dito. Paanong mamumunga ang mga Methodist ng anuman maliban sa isang anak na Methodist? Paanong mamumunga ang anumang denominasyon ng anuman maliban sa isang anak na makadenominasyon?

97 Subali’t kung ang puno mang iyon ay maglabas ng orihinal na sanga, mamumunga iyon ng mga kahel.

At kung ganoon kung gagawa ang Dios ng anumang bagay sa Iglesya, iyon ay magiging orihinal, pabalik muli sa Salita. Eksakto. Tiyak na ito’y magiging ganoon, ’pagka’t ang Buhay ay nasa Puno, at ipinamumunga Nito ang kauri Nito.

98 Ngayon, noong nalaman natin, ngayon, naroon ang malaking iglesyang iyon ay nagpatuloy, sa mga kapanahunan, na ipinamumunga ang bunga nito. At habang natutuyo na ang mga sanga, kanilang pinuputol ang mga iyon. Sa San Juan 15, hindi kailanman pinutol ang Puno ng Ubas, ngayon. Inalis Niya ang mga sanga, pinutol ang mga iyon, dahil hindi iyon namumunga ng anumang bunga. At—at tayo . . .

99 Nais ni Jesus ng bunga, para sa Kaniyang Sarili. Ang Kaniyang Asawa ay kailangang magsilang ng mga Anak na kauri Niya.

Pagkatapos, kung hindi iyon magsilang ng mga anak, mga anak na Nobya, mga anak na Salita, kung ganoon iyon ay pang-denominasyon na anak. Kung ganoon, ang una niyang pag-ibig, para sa sanglibutan at denominasyon, bumalik na siya diyan. At hindi na iyon makakapanganak pa ng isang totoong, tunay, na Cristianong ipinanganak na muli, ’pagka’t walang anumang bagay diyan para maipamunga Iyon.

100 Gaya kapag kumuha ka ng sanga ng limon at iuugpong iyon doon, mamumunga iyon ng limon, subali’t hindi iyon makakapamunga ng kahel, dahil wala iyon doon noong pasimula pa. Subali’t itinalaga ’yon noong pasimula pa, sa paunang-kaalaman ng Dios, na itinalaga na at isinilang, tiyak na mamumunga iyon ng kahel. Wala nang iba pang puwedeng ibunga iyon.

101 Ganoon sa Iglesya ng buhay na Dios, kapag dumating ang takdang panahon. Lahat . . . Hayaan ninyong magpasimulang

gumawa ang Dios ng isang bagay, lahat ay may hawak na sa bola at wala na. Kita n'yo? Palaging ganoon.

Nagbabasa ako ng kasaysayan, tungkol kay Martin Luther, dito di pa kalaunan. Sabi, "Ang. . . Hindi mahirap paniwalaan na kayang magprotesta ni Martin Luther sa iglesyang Katoliko at malusutan iyon. Subali't," sabi, "ang kakaibang bagay, na kaya niyang itaas ang kaniyang ulo sa ibabaw ng lahat ng kapanatikuhan na sumunod sa kaniyang rebaybal, at manatili pa rin nang tuluy-tuloy sa kaniyang pag-aaring-ganap." Kita n'yo? Sadyang lahat na, mga panggagaya at lahat na, ay sumunod sa kaniya.

102 Tingnan n'yo si Gng. Semple McPherson, si Aimee Semple McPherson, na may templo sa dako rito. Lahat na ng mga mangangaral na babae ay may mga ganoon nang pakpak, at dala-dala ang Biblia sa ganoong paraan, sadyang—mga karnal na paggagaya lamang!

Hindi sila maaaring maging orihinal. Ganiyan na ang mga iglesya ay hindi maaaring maging orihinal. Hayaang ang isang iglesya ay magkaroon ng isang bagay na iba pa sa lungsod, hindi iyon matatagalan nung isa pang iglesya. Gagayahin nila iyon. Kita n'yo? Hindi na sila orihinal.

Ang Salita ng Dios ay orihinal. Iyon ang Salita, at kailangang maglabas Ito ng kauri Nito; ng kauri Nito sa kapanahunan Nito, hinirang, itinalaga ng Ama, Dios.

103 Ngayon paano tayong makapapasok sa Iglesyang ito? "Sa iisang Espiritu tayong lahat ay nabautismuhan sa iisang Katawan, Katawan ni Cristo," na ito'y ang Nobya, ang Salita. "Binautismuhan roon sa pamamagitan ng Espiritu Santo."

104 Ngayon pansinin natin kung nasa huling kapanahunan na nga ba tayo, o hindi pa. Ngayon nalaman natin, kung babalikan natin ang Genesis, tungkol sa, oh, sa mga ika-5 kabanata, maaari din kayong magbukas sa Lucas para malaman, na si Enoc ay ikapito mula kay Noe. Si Enoc.

Diyan natutunton ang binhi ng serpiyente. Sapagka't, kung anak ni Abel si Cain, kung ganoon siya ang ikawalo. Kita n'yo? Subali't wala saan man sa Biblia na sinabi na si Cain ay anak ni Abel. . . o si Cain—o anak ni Adan si Cain. Dahil, sa, sinabi ng Biblia, "Siya ay sa masama." At si Adan ay hindi yaong masama. Kita n'yo? "Siya ay sa masama."

105 Ngayon nasumpungan natin dito na si Enoc ay ang ikapito mula kay Noe, na isang tipo ng mga kapanahunan ng iglesya. Ngayon, lahat ng iba pa sa anim na mga kalalakihan, bago siya, ay namatay, subali't si Enoc ay inilipat. Si Enoc ay inagaw, ang ikapito, ipinapakita na sa ikapitong kapanahunan ng iglesya magaganap ang Pag-agaw. Ngayon, walang duda, tayo'y nasa ikapitong kapanahunan na ng iglesya. Alam nating lahat iyon.

106 Ngayon, sa ikapitong kapanahunan ng iglesya magaganap ang Pag-agaw. Lahat ng iba pang anim ay nangamatay. Subali't si Enoc ay inilipat, dahil "Hindi siya nasumpungan. Kinuha siya ng Dios." Nguni't si Enoc, na inagaw, ay isang tipo ng lahat ng mula sa iba pa sa kanila na nangamamatay. Subali't ang—ang Nobya sa huling kapanahunan ay tatawagin palabas mula sa. . .Ang pag-aagaw, na wala nang kamatayan, ay tatawagin mula sa ikapitong kapanahunan ng iglesya, na tayong lahat ay sumasaksi sa panahong iyon ngayon. Oh, naku! Humukay tayo ngayon, nang talagang malalim. Kita n'yo?

107 Ngayon, dito, rin, isang tipo ng pitong kapanahunan ng iglesya, na, sa Apocalipsis 10:7, na ang dakilang hiwaga ng Aklat ay ihahayag ng Mensahe ng ikapitong anghel.

108 Ngayon, may Mensahero sa itaas, lagi, at isang mensahero sa lupa. Ang salitang Ingles na *anghel* ay nangangahulugang "isang mensahero." At sa Mensahe ng ikapitong anghel, habang siya'y nagpapahayag, ang ministeryo niya, "pagkatapos kapag nagsimula na siyang ipahayag ang kaniyang ministeryo," hindi noong magpasimula siya.

Si Jesus, noong mag-umpisa Siya, sinimulan Niyang pagalingin ang mga may sakit at may karamdaman. "Oh, ang dakilang Rabbi na iyon! Isa Siyang Propeta." Lahat ay gusto Siya sa kaniyang iglesya.

Subali't noong naupo Siya isang araw, at nagsabi, "Ako at ang Aking Ama ay Iisa," iba na 'yun. Iba na iyon. "At malibang kanin ninyo ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kaniyang Dugo, ay wala kayong Buhay sa inyong sarili."

"Aba'y, isa Siyang bampira!" Kita n'yo? Kita n'yo? Iba na 'yun.

Hindi Niya iyon ipinaliwanag. Nakita na nila ang kahayagan, ang pagpapatibay ng Salita ng Dios para sa Kaniyang kapanahunan, pinatotohanan at pinatunayan sa kanila na Siya yaong Mensahero sa kapanahunang iyon. At wala Siyang kailangang ipaliwanag.

109 Maaaring hindi Iyon kayang ipaliwanag niyaong mga disipulo. Subali't sinampalatayanan nila Iyon, kaya man nilang ipaliwanag Iyon o hindi. Nanatili pa rin sila at sinampalatayanan Iyon. Paano nila masasabi kung kakainin nila ang laman Niya at iinumin ang Dugo Niya? Aba, imposibleng magawa nila 'yun. Subali't sinampalatayanan nila Ito, dahil itinalaga sila. Sinabi ni Jesus na Kaniyang "pinili sila bago pa ang pagkatatag ng sanglibutan." Kita n'yo? Sinampalatayanan nila ito. Kaya man nilang ipaliwanag ito, o hindi, sinampalatayanan pa rin nila Ito.

110 Ngayon masdan, ngayon, sa ikapitong kapanahunan ng iglesya, "Kapag nagpasimula nang umihip ang ikapitong anghel,

ang mga hiwaga ng Dios ay ihahayag na roon mismo," ang mga Tatak.

Iyon, ang mga repormista na. . .noon nagkapanahon sila. Hindi gaanong nabuhay nang matagal si Luther, maging si Wesley. Ang mga kapanahunan ay hindi gaanong nagtagal, yaong mga repormista. Tinaglay nila ang mensahe para sa kanilang panahon, at nanangan dito ang mga tao at ginawang denominasyon ito. At ano ito?

111 Hinding-hindi ninyo madadaig ang kalikasan. Nagpapatotoo palagi ang kalikasan. Kumikilos ang Dios na walang pagbabago tulad ng kalikasan. Gayun nga ito.

Gaya ng araw. Ang araw ay bumabangon sa umaga, ito'y isang munting sanggol na isinilang. Mahina ito, wala pa itong gaanong init. Alas-diyes, palabas na ito sa hayskul. Kalagitnaan ng araw, pumapasok na iyon sa buhay. Alas-tres ng hapon, tumatanda na ito. Alas-singko, namamatay na ito. Matanda't mahina na naman, pabalik na sa libingan. 'Yun na ba ang katapusan nito? Bumabangon itong muli, sa sunod na umaga. Kita n'yo?

112 Masdan n'yo ang mga puno, kung paanong pinalilitaw nila ang kanilang mga dahon, ang lahat ng ginagawa nila. Ngayon nalaman natin, nalalaglag ang mga dahon sa puno, bumabalik. Ano? Bumababa ang buhay sa ugat ng puno. 'Yun na ba ang katapusan niyon? Bumabalik 'yun sa susunod na tagsibol, na may bago nang buhay.

113 Ngayon, masdan ang mga iglesya, kung paanong ganoon din ang ginawa nito sa repormasyon. Lumitaw iyon. Ang butil na iyon ng trigo ay nahulog sa lupa at namatay, sa ilalim ng pag-uusig noong madilim na kapanahunan. Nabaon ito sa lupa. Kinailangan niyon na mamatay. Sinumang tao, na espirituwal, ay makikita iyon. Na, malibang mamatay at mabulok ang binhi na iyon, mananatili iyon na mag-isa. At kinailangan na mabaon iyon sa lupa, sa ilalim ng madilim na kapanahunan. Nahimlay ito roon, nabulok. At umusbong sa dalawang maliliit na dahon ng iglesyang Lutheran. Mula sa iglesyang Lutheran, naglabas pa ng mas maraming mga dahon, sina Zwingli at iba pa. Mula roon nagtungo pataas sa uhay, na si John Wesley, yaong dakilang kapanahunan ng pagmimisyon. Nahulog muli 'yun. Mula roon ay lumabas yaong mapanlinlang na panahon, ang kapanahunan ng Pentecostal. Ang butil ng trigong 'yan, na . . .

114 Mayroon na ba sa inyo, dito, na nakapagpatubo na ng anumang trigo? Tingnan n'yo ang trigong iyon kapag pinagmasdan n'yo iyon. Kapag pumunta kayo roon, sasabihing, "May trigo ako." Para ngang may trigo ka na roon. Buksan mo ito nang malapitan at masdan. Ni wala ka man lang palang trigo. Nagkaroon ka ng talukap. Hindi ba't binalaan tayo ni Jesus riyan, sa Mateo 24:22 . . . -kuwatro? "Sa mga huling araw, na, ang

dalawang espiritu ay magiging magkahawig na magkahawig, lilinlangin nito ang mga hirang na trigo Mismo kung maaari." Kita n'yo? Ngayon masdan. Isa itong tagapagdala.

115 Ngayon, ang Buhay na dumating sa pamamagitan ni Luther ang bumuo kay Wesley. Ang lumabas na Buhay mula kay Wesley ang bumuo sa Pentecostal. Ang lumabas na Buhay mula sa Pentecostal ang bumuo sa trigo. Subali't ang mga iyon ay tagapagdala. Kita n'yo? Ang tunay na Buhay ay dumadaan roon. Ang Mensahe ay dumaraan, subali't patungo Iyon sa trigo. Iyon ang dahilan kaya't lumabas ang trigo at dadalhin ang buong bagay sa Pag-agaw, dito sa itaas. Ang Nobya, Mismo, ay nanggagaling mula sa bawa't kapanahunan. Subali't namamatay ang maka-denominasyon na tangkay, natutuyo at namamatay. Napansin n'yo ba, sa mga huling araw na ito, kung paano iyon nagpasimula nang humiwalay ngayon? Pagka nag-umpisa nang lumaki 'yung trigo, kung ganoon ang—ang talukap ay nagsisimula nang humiwalay mula Rito.

116 Tingnan muli 'yung munting trigo kapag pinagmasdan mo iyon. Buksan mo nang *paganito*, at tingnan ang loob nito at masdan. May maliit kang usbong ng trigo roon. Kailangan mong gumamit ng mikroskopyo na may tatlumpung ulit na lakas para makita ang loob nito, para makita 'yung munting usbong ng trigo roon. Kita n'yo?

Nasa kaloob-looban iyon, subali't nagsisimula na Iyong lumaki. Ngayon, dapat naroon ang talukap na iyon, para silungan Iyon, upang bigyan Iyon ng pagkakataong lumabas. Subali't gayunman kapag nagsisimula nang lumaki Iyon at nagsisimula nang lumaganap ang Mensahe, kung ganoon ay magsisimula nang humiwalay 'yung talukap mula Roon. At lumalabas na ang Buhay mula mismo sa talukap na iyon, patungo mismo sa trigo. Patuloy! Sa ganiyang paraan natapos ang bawa't kapanahunan. Iyon ay sadyang—iyon ay sadyang hindi madadaig ang kalikasan. Iyon ay. . .Iyon ang tuloy-tuloy na walang pagbabagong pamamaraan ng Dios, ang paraan ng paggawa Niya sa mga bagay.

117 At ngayon iyan ang kapanahunan na ating kinabubuhayan sa ngayon mismo, ang ikapitong kapanahunan ng iglesya. Ngayon, mahahayag lahat ng iyon sa butil ng trigo sa kahuli-hulihan, isa na namang pagpapanumbalik. Ngayon kung kukuhanin ninyo ang Lucas ika-17 kabanata at ika-30 talata, sinabi Niya, "Kung paano sa mga kaarawan ng Sodoma, gayon din naman sa pagparito ng Anak ng tao, kapag nagsimula nang ihayag ng Anak ng tao ang Kaniyang Sarili." Ano ang *ihayag*? Gawin ang Kaniyang paghahayag kung ano Siya sa araw na ito. Ihayag, sa madla, ang Salitang ipinakilala para sa araw na ito. Ihayag, sa mga tao, sa pamamagitan ng kahayagan ng Banal na Espiritu na ginagawang buhay ang Jesus na iyon sa ating kalagitnaan. At, alalahanin, Siya ay ikinatawan doon sa

isang tao. Isang tao! Sabi Niya, "Kung paano noon . . . " Ngayon, binasa Niya ang parehong Biblia na binabasa natin, ang Genesis. Ngayon, napansin natin sa kapitulong iyon ng Genesis roon, noong nangungusap si Jesus patungkol rito.

118 Nasumpungan natin doon, na, roon, na nakatalikod Siya sa toldang iyon, at si Sarah ay nasa loob ng tolda. Sinabi Niya, nagtanong Siya. At hindi niya pinaniwalaan na ang nakatakdang maganap ay maaaring maganap. Sinabi Niya, "Ngayon, Abraham, dadalawin Kita sa tamang panahon." Kita n'yo? At si Sarah, sa loob ng tolda, ay tinawanan ang bagay na iyon. Sabi Niya, "Bakit tumawa si Sarah, sa loob ng tolda, nagsasabi, 'Paanong mangyayari ang mga bagay na ito?'"

119 Nangako si Jesus. At Siya Iyon. Si Abraham ay tinawag Siyang, "Elohim," ang Makapangyarihan sa lahat. Siya Iyon. Ngayon, iprinopesiya na ng Biblia na manunumbalik iyong muli sa mga huling araw. Sinabi nga ni Jesus na ganoon. "At kapag nakita ninyong magpasimulang maganap ang mga bagay na ito," tandaan lamang, kapag nag-uumpisa na itong maganap nang katulad noon, na, "malalaman ninyong malapit na ang panahon at nasa pinto na."

120 Tingnan n'yo ang mundo mismo. Masdan ang sanglibutan, ang Sodoma, kung mayroon mang Sodoma. Tingnan n'yo ang mga tao na grabe na ang pagkabaluktot. Baluktot na ang mga pag-iisip nila. Hindi na nila alam kung ano ang karaniwang magandang kaasalan. Tingnan n'yo ang kriminal . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . mga seksuwal at lahat na.

At tingnan n'yo ang mga kababaihan natin, anong pagdaluhong ang nangyari dito. Tingnan kung anong pagdaluhong ng kahalayan, imoralidad sa gitna ng ating mga kababaihan. At hindi lang ang ating . . .

Sasabihin mo, "Methodist 'yun." Mga Pentecostal 'yun, din naman. Iyon ang kabuuang bagay.

121 Tingnan ang mga kalalakihan natin. Sila'y nananatili, imbes na sa Salita ng Dios, sa isang kung anong munting tradisyon ng denominasyon. Sila'y nananatili dito, kaysa lumabas gayong nasasaksihan nila ang Dios na ipinakikilala ang Kaniyang Sarili nang lubos. Ang dahilan, sila'y bulag. Hindi nila makita Iyon. Hinding-hindi nila makikita Iyon.

Ngayon masdan kung ano'ng magaganap dito, habang binibilisan natin.

Sa palagay ko gusto ng ale na iyon na umalis na tayo. Nakita ko siyang ikinumpas ang kamay niya, bagay pa na gusto na niya tayong lumabas, kaya't kailangan na nating madaliin.

122 Kaya ngayon pansinin si Enoc, ang tipo ng Iglesya. Dito itinipo rin siya sa ikapitong kapanahunan ng iglesya. Maiisip

n'yo ba 'yun? Sa ikapitong kapanahunan ng iglesya! Pansinin. "Sa pag-ihip . . . "

123 Ilan ang naniniwala na nagkaroon ng pitong mensahero para sa pitong igles- . . . Oh, naniniwala tayong lahat dito, kung sinasampalatayanan natin ang Biblia. Kung hindi natin sinasampalatayanan ang Biblia, siyempre, kita n'yo, hindi natin iyon pinaniniwalaan. Subali't, nagkaroon nga.

124 Ngayon nabubuhay tayo sa ikapitong kapanahunan ng iglesya. At noong sabihin ng Biblia na, itong ikapitong kapanahunan ng iglesya, "Kapag ang mensahero sa ikapitong kapanahunan ng iglesya ay magpasimula nang patunugin ang kaniyang Mensahe, na ang mga hiwaga ng lahat ng bagay na binaluktot, sa mga kapanahunan, ay mahahayag sa panahong iyon." Dito nakikita natin ito, ang Anak ng tao na dumarating sa gitna ng Kaniyang bayan at ginagawa nang sadyang eksakto, na pinatototohanan ang Kaniyang Mensahe na kagaya ng sinabi Niyang gagawin Niya. Dito nasusumpungan natin, sa huling kapanahunang ito ngayon.

125 At ang pitong pagbabantay, kagaya ng pitong pagbabantay, ng isang parating. Hindi siya dumating sa unang pagbabantay, sa pangalawa, sa pangatlo, sa pang-apat, kundi dumating noong ikapitong pagbabantay. Iyon ay si Enoc, ang ikapito, na inilipat. At si Noe, bilang tipo ng mga nalalabi sa mga Hudyo, ay dadalhin paibayo. Ngayon, sa mga panahon ng Biblia, pag-usapan ang tungkol sa mga pagbabantay. At ang mga gabi ay hindi nahahati sa mga oras, noong panahon ng Biblia.

126 Ngayon makinig nang maigi. Dahil sa, magmamadali na ako ngayon, 'pagka't kailangan na nila itong silid. Hindi. Hindi noon nahahati ang Biblia, o—o . . .

127 Ang gabi ay hindi nahahati sa mga oras, noong panahon ng Biblia. Nahahati iyon sa mga pagbabantay. Mayroong tatlong pagbabantay. Ngayon, ang unang pagbabantay ay nag-umpisa mula alas-nuwebe hangang alas-dose. Ang ikalawang pagbabantay ay nagsimula ng alas-dose hanggang alas-tres. At ang ikatlong pagbabantay sa gabi ay binibilang mula alas-tres hanggang alas-sais. Ngayon may tatlo tayo, tatlong tigatlo, na siyam, hindi perpektong bilang. Pagkatapos ay babalik tayo sa pito para sa Pag-agaw, na magaganap, sa palagay ko, sa pagitan ng alas-sais at alas-siyete . . . o alas-sais at alas-nuwebe, isang umaga. "Sapagka't ang trumpeta ng Panginoon ay tutunog."

> Sa maliwanag at maaliwalas na umagangbiyon pag ang mga patay kay Cristo ay mangagbabangon,
> At ang kaluwalhatian ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli ay pagsasaluhan;
> Kapag ang Kaniyang mga pinili ay magtitipon-tipon sa kanilang tahanan sa ibayong

papawirin,
Kapag tinatawag na ang mga pangalan doon,
magiging naroon ako.

128 Ang salitang Rapture, sa Biblia, ay hindi man lang ginamit. Inilagay lang natin ang salitang iyon doon. Sinasabi ng Biblia, "inagaw; inaagaw." Mababasa natin dito sa Ikalawang Mga Taga Tesalonica. . . O, Unang Mga Taga Tesalonica, ito ang pagkakasunod-sunod nitong dakilang Pag-agaw na magaganap sa mga huling araw. Pakinggan ito rito. Magsisimula tayo rito sa ika-13 talata.

> . . . *hindi namin ibig na kayo'y . . . di makaalam, mga kapatid, tungkol* doon *sa mga nangatutulog, upang* kayo'y *huwag mangalumbay, na gaya ng mga iba* na *walang pagasa.*
>
> *Sapagka't kung tayo'y nagsisisampalatayang . . .* si Cristo *ay namatay at nabuhay na maguli, ay gayon din naman ang . . . nangatutulog kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama niya.*
>
> *Sapagka't* ito'y sinasabi namin *sa inyo sa salita ng Panginoon, na tayong nangabubuhay na nangatitira* hanggang *sa pagparito ng Panginoon ay hindi tayo mangauuna sa anomang paraan . . .* (Ang salitang iyon na *hindi mangauuna sa anumang paraan* ay nangangahulugang para "hadlangan.") . . . yaong mga *nangatutulog.*
>
> *Sapagka't ang Panginoon din ang bababang . . .*

Ngayon makinig nang mabuti.

> . . . *ang Panginoon din ang bababang mula sa* mga langit*, na may isang sigaw,* at *may tinig ng arkanghel, at . . . trumpeta ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli: . . .*

129 Gusto kong mapansin n'yo ang isang dakilang bagay na nagaganap dito ngayon. Huwag n'yong palampasin ito. Kita n'yo? Ngayon pansinin. Sinasabi ng Salita dito, sa Ikalawang Mga Taga Tesalonica, na may tatlong bagay. Pansinin. Mula sa ika-13 hanggang sa ika-16 na talata, may tatlong bagay na dapat na mangyari bago magpakita Mismo ang Panginoon. Mabilisan na ngayon, para makapagtapos na tayo. Kita n'yo? Ang unang bagay na magaganap . . . Pansinin: isang sigaw, isang tinig, isang trumpeta. Basahin natin Ito ngayon at tingnan kung tama 'yon. Kita n'yo?

> *Sapagka't ang Panginoon din* (ika-16 na talata) *ang bababang mula sa langit na may isang sigaw,* at *may tinig ng arkanghel, at . . . trumpeta ng Dios: . . .*

130 Tatlong bagay ang mangyayari. Isang tinig . . . Isang sigaw, isang tinig, isang trumpeta, ang kailangang mangyari bago

magpakita si Jesus. Ngayon, isang sigaw. . .Gagawin ni Jesus ang tatlong iyon kapag Siya'y—Siya'y—Siya'y bumababa na.

Isang sigaw, ano 'yung sigaw? Iyon ang Mensahe na lumalabas, una, ang buhay na Tinapay ng Buhay ay dinadala palabas ang Nobya.

131 Ngayon, ang Dios ay may paraan ng paggawa ng mga bagay. At hindi Niya kailanman binabago ang Kaniyang patakaran. Hindi Niya kailanman binabago ang Kaniyang pa-. . .Siya ang di-nagbabagong Dios. Sa Amos 3:7, sabi Niya, "Wala Siyang gagawin sa sanglibutan hanggang sa ihayag Niya muna ito sa Kaniyang mga lingkod na mga propeta." At kung gaano katiyak na ipinangako Niya iyon, gagawin Niya iyon.

132 Ngayon, dumaan na tayo sa mga kapanahunan ng iglesya. Subali't pinangakuan tayo sa mga huling araw, sang-ayon sa Malakias 4, na may pagbabalik na muli, isang propeta sa lupain. Tama 'yon. Pansinin ang kalikasan niya, kung magiging ano siya. Lagi siyang . . .

Gagamitin ng Dios ang espiritung iyon nang limang beses: minsan kay Elias; kay Eliseo; kay Juan Bautista; tawagin palabas ang Iglesya; at ang mga nalabi sa mga Hudyo. *Limang* beses, "grace" ["biyaya"—Tag.], J-e-s-u-s, f-a-i-t-h [p-a-n-a-n-a-m-p-a-l-a-t-a-y-a—Tag.], at ito ay bilang ng biyaya. Kita n'yo? Buweno.

133 Ngayon, alalahanin, ipinangako na ang Mensahe. At kapag lahat ng mga hiwagang ito ay lubos nang natatalian ng isang bungkos ng mga mangangaral, mangangailangan ng isang—isang propeta na direktang mula sa Dios para ihayag Ito. At 'yan ang eksaktong ipinangako Niyang gagawin. Kita n'yo?

134 Ngayon, tandaan, "Ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa propeta," hindi sa teologo. Ang propeta, siya ay isang tagapagpaaninag ng Salita ng Dios. Hindi siya puwedeng magsalita ng anuman, hindi niya puwedeng sabihin ang sarili niyang mga kaisipan. Ang puwede lang niyang sabihin ay kung ano ang inihayag ng Panginoon. Maging sa propetang si Balaam noong sinubukan siyang ipagbili, ibenta ang karapatan niya, sabi niya, "Paanong magsasalita ang isang propeta ng anumang bagay maliban sa inilagay ng Dios sa kaniyang bibig?" Bagay ito na ginagawa ng Dios, na hindi ka maaaring magsalita pa ng iba. At isinilang kang ganoon. Hindi na hihigit pa sa magagawa mong . . .

135 Kung masasabi mo, "Ako—ako—hindi ko maibukas ang mga mata ko," gayong nakatingin ka. Kita n'yo? Hindi mo magagawa. Hindi mo magagawang iabot ang kamay mo, gayong kaya mo naman. Kita n'yo? Hindi ka maaaring maging aso kung ika'y tao. Kita n'yo? Sadyang ginawa kang ganiyan.

At laging ang Dios, din naman, sa mga kapanahunan, kay Isaias, Jeremias at lahat na, ang Elias, sa mga kapanahunang

nagdaan. Kapag ang grupo ng mga mangangaral ay nagawang paghalu-haluin ang lahat ng bagay, magsusugo Siya ng isang propeta, palilitawin siya mula sa kung saan. Hindi siya kabilang sa alinman sa kanilang mga katatayuan, at sinasalita ang Kaniyang Salita. Tinawag palayo sa isang tagpo, at umalis na, sadyang matatatag na mga kalalakihan ng Katotohanan ng Dios. At ganun mo siya laging makikilala. Sabi Niya, "Kung mayroon sa gitna ninyo na isang espirituwal o isang propeta . . . "

136 Ngayon, mga propeta. May bagay na "kaloob na pagpropropesiya" sa Iglesya; subali't ang isang propeta ay itinalaga at paunang naordenan na para sa oras na iyon. Kita n'yo? Siyanga, po. Ngayon, pagka may lumabas na propesiya, dalawa o tatlo ang kailangang magpasya at humatol kung iyon ay tama o hindi, bago tanggapin iyon ng iglesya.

137 Subali't wala nang pag-uusap-usap pa pagdating sa isang propeta, 'pagka't siya ay—siya ay walang-pasubaling Salita ng Dios. Siya ang Salitang iyon sa kaniyang panahon. Nakita n'yong naianinag ang Dios. Ngayon, ipinangako ng Dios na isusugong muli iyon sa atin sa mga huling araw, para ilabas ang Nobya mula sa kaguluhang iyon na gawa ng mga mangangaral, sa tanging paraan na magagawa iyon.

138 Hinding-hindi iyon maisasakatuparan; hindi matatanggap ng iglesya si Cristo. Tayo, na mga Pentecostal, hindi natin madadala ang Mensaheng ito sa kalalagayan na kinasasadlakan ng iglesya ngayon. Paano natin maisasagawa sa huling panahon sa kalalagayan nila ngayon, kung kailan ang isa ay laban sa iba, at lahat ng iba pa, at sa mga mangangaral? Oh, habag! Magulo ito. Tapos na sa mga denominasyon. At anumang pagkakataon . . . Hinihiling ko sa sinumang mananalaysay na—na—na magsalita ng taliwas. Sa tuwing lumalaganap ang isang mensahe sa mundo, at kapag inoorganisa nila 'yun, namamatay iyon doon mismo. At ginawa ng Pentecostal ang ganun ding bagay na ginawa nilang lahat, ang Pentecostal na lumabas.

139 Kayong, Assemblies of God, noong ang mga ninuno ninyong mga kalalakihan at kababaihan ay lumabas sa mga organisasyong iyon noon, sa dating naturang Pangkalahatang Kapulungan, sumigaw at pinuri ang Dios, at nagsalita ng laban sa mga bagay na iyan. At kayo'y nanumbalik, "gaya ng aso sa kaniyang suka, at baboy sa kaniyang lubluban," at ginawa ang ginawa rin nila. At ngayon ay napakamaka-simbahan, ipinagkakait ninyo ang inyong awa. Kailangan pang magkaroon ka ng kard ng pakikisama bago ka makahalubilo sa inyo, halos.

140 Kayong, oneness, binigyan kayo ng ganiyang Mensahe ng Dios, at kaysa sa magpatuloy kayo, at manatiling mapagpakumbaba at magpatuloy, kinailangan ninyong kumalas at iorganisa ang grupo ninyo. At saan na kayong lahat ngayon naroon? Sa siya ring timba. Eksakto 'yan.

At ang Espiritu ng Dios, nagpapatuloy. "Akong Panginoon ang nagtanim Nito. Aking didiligan Ito, araw at gabi. Baka may ilan na . . ." Itinalaga Niya ang mga bagay na ito, at kailangan Niyang ipadala Ito.

141 Ang unang bagay na darating, kapag nagsisimula na Siyang bumaba mula sa Langit, mayroong sigaw. Ano iyon? Isang Mensahe, para ipunin ang mga tao. Isang Mensahe ang lalabas, muna. Ngayon, panahon na ng pagpapaigi ng ilawan, "Bumangon kayo at pag-igihin ang inyong mga ilawan." Anong pagbabantay 'yun? Ang ikapito, hindi ang ikaanim. Ang ikapito, "Narito, ang Kasintahang Lalaki. Bumangon kayo at pag-igihin ang inyong mga ilawan." At kanila itong ginawa. Ang ilan sa kanila ay nasumpungang wala man lang silang Langis sa kanilang ilawan. Kita n'yo? Subali't panahon na ng pagpapaigi ng ilawan.

Panahon na ng Malakias 4. Ang Kaniyang ipinanga- . . . Ay Lucas 17. Iyon ay—iyon ay Isa- . . . Lahat ng mga propesiyang iyon na ganap na maiaayos Nito para sa araw na ito, sa Kasulatan, nakikita natin itong nabubuhay doon mismo. Wala nang . . .

142 Tingnan ang mga bagay na ito na mangyari, minamahal kong kapatid na lalaki, kapatid na babae. Gayong, alam ng Dios sa Langit na maaari akong mamatay sa entabladong ito ngayon mismo. Kayo—dapat kayong maglakad-lakad sa paligid saglit. Ito'y sadyang . . . Ito'y kamangha-mangha, kapag nakita n'yo ang Dios na dumating mula sa Langit, tumayo sa harap ng mga grupo ng mga tao, at tumayo roon, ihayag ang Kaniyang Sarili kung paanong ginagawa Niya noon pa man. At iyon ang Katotohanan, at bukas ang Bibliang ito. Kita n'yo? Tama. Narito na tayo.

143 At ang sistemang makadenominasyon ay patay na. Wala na iyon. Hindi na iyon babangon pang muli. Susunugin iyon. Ganiyan ang ginagawa n'yo sa upak sa bukid. Lumayo kayo riyan. Pumasok kayo kay Cristo. Huwag sabihin, "Kaanib ako sa Methodist. Kaanib ako sa Baptist. Kaanib ako sa Pentecostal." Pumasok kayo kay Cristo.

Kung kayo'y na kay Cristo, walang anumang Salitang nakasulat Rito na hindi ninyo sinasampalatayanan Ito. Wala sa akin kung anuman ang sinabi ng iba. At pagkatapos inihahayag ng Dios ang bagay na iyon. Pagka't, kayo, kapag ibinuhos Niya ang Espiritu sa Salita, ano'ng mangyayari? Katulad ng pagdidilig ng tubig sa alinmang iba pang binhi. Mabubuhay Iyon, at mamumunga Iyon ng kauri Nito.

144 Sasabihin mo, "Taglay ko ang bautismo, ang Espiritu Santo." Hindi ibig sabihin niyon na ligtas ka, hinding-hindi talaga.

145 Tumingin dito. Ikaw ay tatluhang nilalang. Ikaw nga. Sa loob *nitong* maliit na tao rito ay ang kaluluwa, ang kasunod

ay ang espiritu, at ang kasunod ay ang katawan. Ngayon, may limang pandama ka sa katawang ito, para makaugnay ang panlupa mong tahanan. Hindi nila kinakaugnay ang iba pa nito. May lima kang pandama ng espiritu, *dito*: pag-ibig at budhi, at iba pa, niyon. Subali't sa loob *dito* ay kung saan *ka* nabubuhay. Iyon ay kung ano ka.

146 Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Ang ulan ay bumubuhos sa matuwid at di-matuwid"? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Maglagay ka ng sigay-tinik dito, at trigo doon, at diligan ng tubig ang mga iyon, at panatilihin silang may pataba at mga kagaya niyon, hindi ba't sila'y mabubuhay sa iisang tubig? ["Amen."] Tiyak. Buweno, ano iyon? Ang isa sa kanila ay mamumunga ng sigay-tinik, 'pagka't ganoon lang siya. Magtataas ng mga kamay niya at sisigaw ang sigay-tinik kagaya ng trigo.

147 Hindi ba't sinasabi ng Biblia, "Sa mga huling araw, magsisidating ang mga bulaang Cristo"? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi "bulaang Jesus," ngayon. "Mga bulaang Cristo," mga pinahiran, pinahirang bulaan sa Salita; pinahirang denominasyonal, nguni't hindi sa Salita.

Pagka't, ang Salita ay magpapatotoo sa Sarili Nito. Wala na Itong iba pang kailangan. Papatotohanan Nito ang Sarili Nito.

"At may magsisidating na mga bulaang pinahiran." Mayroon kayong teyp ko tungkol roon. At ang pinahi-. . .

Oh, kung tatawagin mo ang isa sa kanila, sasabihin, "Oh, ikaw, ikaw ba'y isang Jesus?"

"Oh, tiyak na tiyak na hindi." Hindi sila maninindigan sa bagay na iyon.

148 Subali't pagdating na sa "Oh, luwalhati! Nasa akin ang pahid!" At iyon ang tunay na pahid. Alalahanin, si Caifas ay mayroon Nito, din naman, at nagpropesiya. Ganun din si Balaam ay nagtaglay Nito, at nagpropesiya.

Subali't iyon ay walang kinalaman *dito*, sa loob. Malibang binhi iyon ng Dios, ang Kaniyang binhi na mula sa pasimula, itinalaga, tapos ka na. Wala sa akin kung gaano ka man magtitili, magsalita sa iba't ibang wika, magtatakbo, magsisigaw. Walang kinalaman iyon dito.

Ang isang sigay-tinik ay maitutumbas sa sinuman sa kanila. Nakita ko na ang mga pagano na tumayo, at humiyaw, at nagsalita sa iba't ibang wika, at—at uminom ng dugo mula sa bungo ng tao, at tumawag sa Diablo. Kita n'yo? Kaya't hindi n'yo. . .Alinman sa mga pakiramdam at bagay-bagay na 'yan, kalimutan n'yo na iyan.

Iyon ay ang puso mo sa Salitang iyon, at iyon si Cristo. Ipasok mo doon, at pagmasdan mo Itong ipakilala ang Sarili Nito, kung papaanong bumubukadkad Itong gaya ng iba pang

binhi, at inihahayag ang Sarili Nito para sa kapanahunan na kinabubuhayan Nito.

149 Walang mailabas si Luther na anuman kundi maliit na sanga. Itong iba pa ay makapaglalabas ng ganitong iba pang mga bagay. Nasa kapanahunan na tayo ng trigo ngayon.

Ang mga tunay na Luther ni Luther ay kinailangang maglabas ng tunay na Luther. Ang tunay na pentecostes ay kinailangang maglabas ng tunay na pentecostes. 'Yun lang. Nguni't lumipas na tayo sa kapanahunang iyon, at nagpapatuloy.

150 Alam n'yo ba, ang iglesyang Katoliko, nagpasimula, sa pentecostal? At kung magtatagal pa ang iglesyang Pentecostal nang dalawang libong taon, mas magiging grabe pa ang ayos nito kaysa sa kung ano ngayon ang Katoliko. Eksakto 'yan. Sinasabi ko 'yan sa mga kapatid kong kalalakihan, kapatid kong kababaihan, na minamahal ko. At alam ng Dios 'yan. Subali't tandaan, mga kaibigan, kinakailangan ko kayong katagpuin doon sa Paghatol. At maaaring hindi na iyon magtatagal pa. Kailangan kong sumaksi sa kung ano ang Katotohanan.

151 Noong magpasimula ako sa mga pagtitipon kasama n'yo, nananalangin para sa mga maysakit, mabuti iyon. Subali't, noong dumating akong may dala nang Mensahe! Kung may lumabas na Mensahe, iyon ay tunay na Mensahe . . .

Kung ito ang totoo, tunay na mga himala ng Dios, at nakakabit mismo sa organisasyon na iyon, alam n'yong hindi iyan sa Dios, 'pagka't inihayag na ang bagay na iyan.

Nagtungo si Jesus at pinagaling ang mga maysakit, para matawag ang kanilang pansin, ang mga tao, pagkatapos ay ang Mensahe Niya. Tama 'yun.

Dapat may bagay ito na ipapakilala ng Dios. Kaniyang sadyang . . . Ang Makalangit na pagpapagaling, ang mga himala Niyang ganoon, ay tumatawag lang sa pansin ng mga tao. Ang pinakapuso Niyon ay ang Mensahe. Naroon ang kung ano, kung ano ang galing *dito*. Sinisikap Niyang kunin ang kalooban ng mga tao, para maupo sila't makinig sa Kaniya, kita n'yo, pagka't may ilan doon na itinalaga sa Buhay.

Ang ilan sa mga butil, sa trigo, ay nahulog sa lupa, kinuha iyon ng mga ibon. At ang iba'y nahulog sa dawagan. At ang ilan ay, nahulog sa inihandang lupa, naihanda na noong una pa na lupa, at namunga.

152 Ngayon, iyon ang unang bagay, ay ang pagpapatunog. Ang unang bagay ay isang trumpeta at isang . . . o isang tinig . . . Isang sigaw; at pagkatapos isang tinig; at pagkatapos isang trumpeta.

Sigaw: inihahanda ng isang mensahero ang mga tao.

Ang pangalawa ay isang tinig ng pagkabuhay na mag-uli: ang siya ring tinig, na, isang malakas na tinig sa San Juan 11:38-44, na tumawag kay Lazaro mula sa libingan.

Tinitipon ang Nobya; at pagkatapos ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay, kita n'yo; upang agawing kasama Nito. Ngayon masdan n'yo ang tatlong bagay na mangyayari. Ang kasunod ay ano? Ay isang trumpeta. Isang tinig . . . Isang sigaw; isang tinig; isang trumpeta.

153 Ngayon, ang pangatlong bagay, ay isang trumpeta. Na, lagi, sa pista ng mga trumpeta, ay tumatawag sa mga tao tungo sa pista. At iyon ang magiging Hapunan ng Nobya, ang Hapunan ng Kordero kasama ang Nobya, sa alapaap. Kita n'yo?

154 Ang unang bagay na lumalabas ay ang Kaniyang Mensahe, tinatawag ang Nobya nang sama-sama. Ang susunod na bagay ay ang pagkabuhay na mag-uli ng natutulog na Nobya; ang—yaong mga yumao na, doon sa ibang mga kapanahunan noon, kasama silang aagawin. At ang trumpeta, ang Pista sa kalangitan, sa alapaap. Aba, 'yun ang bagay na mangyayari, mga kaibigan.

155 Naroon na tayo mismo, nakahanda na ngayon. Ang bagay lang, ang Iglesya na lumalabas, ay kailangang mabilad sa harapan ng Anak, para mahinog.

Ang malaking makinang pang-ani at panggiik ay darating na, di maglalaon. Ang trigo ay susunugin, 'yung mga tangkay, subali't ang butil ay dadalhin sa bangan Nito. Kita n'yo?

156 Hindi kayo mga taong bulag. Kayo—kayo'y marurunong na mga tao.

At kung tumayo ako rito at sinabi ang mga bagay na iyon dahil sa personal na pagkiling? Sinasabi ko Iyon sapagka't Buhay Iyon, dahil may pananagutan ako sa Dios sa pagsasalita Niyon. At kailangan kong sabihin Iyon, at ang Mensahe ko. Palagi, na nalalaman, doon sa pagpapagaling at iba pang katulad niyon, ay para lang kunin ang pansin ng mga tao, nalalamang darating ang Mensahe. At heto na Ito. At yaong Pitong Tatak ay nabuksan na, ang mga hiwagang iyon, at ipinakikitang ang mga bagay na iyon ang naganap. Hindi ko alam iyon.

157 Subali't may mga kalalakihang nakatayo ngayon dito, mga nakatayo noon mismo kasama ko. Noong, narinig n'yo akong lahat na ipinangaral ang sermon na: *Mga Ginoo, Anong Panahon Na Ito?* Noong umagang iyon, eksakto kung saan sinabi Nito na doroon Ito, naroong nakatayo ang pitong Anghel na nakatayo doon mismo, mula sa Langit. At habang papataas Sila, at itinataas Sila ng ipuipo sa itaas roon, kami ay nakatayo, pinagmamasdan habang Sila'y papalayo, kinunan ng siyensiya ang larawan Nito, hanggang sa mga bansa, patungo hanggang sa Mexico.

158 At doon, noong pinagmamasdan ko, isang araw, noong nagsimula akong ipangaral itong *Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*. At tinawagan ko si Jack Moore, isang kilalang teologo. Sabi ko, "Jack, Sino ang Taong ito na nakatayo roon? 'May Isang katulad ng Anak ng tao na nakatayo roon, ang buhok ay kasing puti ng maputing balahibo ng tupa.'" Sabi ko, "Siya ay bata pang Lalaki, paanong magkakaroon Siya ng buhok na kasing puti ng maputing balahibo ng tupa?"

159 Sabi niya, "Kapatid na Branham, iyon ang niluwalhating katawan Niya." Pero parang hindi ganoon.

Nguni't noong pumasok ako sa silid at nagsimulang manalangin, ipinaalam Niya sa akin kung ano iyon. Kita n'yo?

160 Noon ko pa laging ipinapangaral na Siya ay Dios, hindi lang tao. Siya ang Dios na nahayag sa laman: Dios, ang katangian ng Dios, ng pag-ibig; ang mga dakilang katangian na nanaog, nakita dito sa mundo, ng Dios. Si Jesus ang pag-ibig ng Dios, na bumuo ng katawan na pinanahanan Mismo ni Jehovah. Siya ang buong kapuspusan ng pagka-Dios sa kahayagan ayon sa laman. Kung ano ang Dios, Kaniyang inihayag sa pamamagitan ng katawang iyon. Kinailangang mamatay ng katawang iyon, upang mahugasan Niya ang Nobya sa pamamagitan ng Kaniyang—ng Kaniyang—ng Kaniyang Dugo.

161 At pansinin, hindi lang nahugasan ang Nobya, pinatawad, kundi Siya ay pinawalang-sala. Kita n'yo? Nasubok n'yo na ba ang salitang *pinawalang-sala*, para makita ang ibig sabihin nito?

Ngayon, halimbawa, kung narinig ni Kapatid na Green na naglalasing ako, gumagawa ako ng mga bagay na masama, pagkatapos nalaman niyang hindi ko pala 'yun ginawa. Pagkatapos lalapit siya, sasabihin, "Pinapatawad kita, Kapatid na Branham."

162 "Pinapatawad mo ako? Hindi ko kailanman ginawa 'yon. Para ano't pinapatawad mo ako?" Kita n'yo? Subali't kung may sala ako, kung ganoon puwede akong mapatawad; pero hindi pa rin ako matuwid, dahil ginawa ko iyon.

Subali't ang salitang *pinawalang-sala* ay "para bang hindi mo ito kailanman ginawa, man lang." Pinawalang-sala! At pagkatapos nililinis tayo nang lubusan ng Dugo ni Jesus Cristo sa kasalanan, hanggang sa malagay iyon sa Aklat ng pagkalimot ng Dios. Siya lamang ang Nag-iisang makagagawa niyon.

163 Hindi natin kaya. Makapagpapatawad tayo pero hindi makakalimot. Mapapatawad kita, subali't lagi kong naaalala na ginawa mo ang mga masasamang bagay na ito. Kung ganoon, hindi ka matuwid; napatawad ka.

Subali't, sa paningin ng Dios, ang Nobya ay pinawalang-sala. Hindi niya iyon ginawa, simula pa man. Amen. Nakatindig

doon, ikinasal sa banal na Anak ng Dios; hindi nagkasala, simula pa man. Bakit? Siya ay itinalaga noong una pa. Nabitag lang siya dito. At ngayon nang marinig Niya ang Katotohanan at lumabas, nilinis Siya ng Dugo. At nakatayo Siya roon, na malinis. Kita n'yo? Ang Nobya, walang kasalanan sa Kaniya, man lang.

164 Kung ganoon, tinatawag ng Mensahe ang Nobya nang sama-sama, kita n'yo, ang sigaw.

At ang trumpeta . . .

Ang Isang iyon pa rin, Siya, sa isang malakas na tinig, sumigaw Siya sa sigaw na iyan at isang tinig, at ginising si Lazaro. Sa malakas na tinig sumigaw Siya, "Lazaro, lumabas ka." Kita n'yo? At ang tinig ang gigising—gigising sa natutulog na Nobya, ang nangatutulog na mga patay.

165 At ang trumpeta, "sa pamamagitan ng tunog ng trumpeta." At, kapag ito'y tumutunog na nga, tumatawag na ito. Parati, ang isang trumpeta ay tumawag sa Israel para sa pista ng mga trumpeta. Kita n'yo? Na, isang Pistang pang-pentecostes, ang dakilang Pista sa kalangitan; at ang pista ng mga trumpeta. At, ngayon, isang trumpeta ang nagpabatid ng pagtawag nang sama-sama, "Magsiparito kayo sa Pista." At ngayon iyon ang—ang Hapunan ng Kordero sa kalangitan.

Ngayon masdan. Ang pagkakatipong sama-sama; at ang Nobya; ang pista ng mga trumpeta, ang Hapunan ng Kasalan. Nakita na natin iyon sa mga pagtitipo. Ngayon tingnan lang pansumandali bago tayo magtapos. Pansinin. Nakita na natin iyon sa mga pagtitipo.

166 Ngayon, kung gusto n'yong basahin sa Mateo 18:16, sinabi Nito, "May tatlong nagpapatotoo," kita n'yo, sa San . . . sa Unang Juan 5:7, at iba pa. Ang tatlo ay laging saksi. Tama ba 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Isang pagpapatunay ito, sa isang bagay na tama. Ang tatlong saksi ay nagpapatibay. "Sa bibig ng dalawa o tatlong saksi, ang bawa't salita ay mapapagtibay."

167 Ngayon pansinin. Nagkaroon na tayo ng tatlong saksi. Ang tatlo ay isang saksi. Ngayon, nagkaroon na tayo ng tatlong pag-agaw sa Lumang Tipan. Alam n'yo ba 'yun? Bilang saksi. Ngayon tingnan. Si Enoc ang isa; si Elias ang isa pa; at si Jesus ang isa pa.

Si Jesus, bilang ang Batong panulok, ngayon, pinatotohanan Niya. Kita n'yo? Siya ang Batong panulok sa pagitan ng Luma at Bagong Tipan, 'pagka't kinailangan muna Niyang mamatay at pagkatapos ay ang pag-agaw. Namatay Siya; nabuhay at lumakad dito kasama natin; at pagkatapos ay inagaw paitaas. Dahil, Siya ang Batong panulok na nag-ugnay sa dalawa. Pagkatapos ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli at pag-agaw . . . Tingnan. Matapos Niyang gawin iyon, at pinatunayan iyon, ang Lumang Tipan doon. Alam nating lahat na si Enoc ay nalipat. Alam nating itinaas si Elias ng isang ipuipo, tama

’yon, sa isang karwaheng Apoy. At namatay si Jesus, inilibing, bumangon at nabuhay dito sa lupa, at pagkatapos ay inagaw paitaas, ang Batong panulok. May tatlo, para magpatotoo. Tama ba ’yon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

168 Ngayon, mayroon nang isang pag-agaw na naganap. Alam n’yo ba iyon? Iyon, tingnan natin kung hindi ba mababasa natin iyon, kaagad-agad. Dumako tayo sa Mateo, ika-27 kabanata. At dumako tayo sa bandang ika-45 talata ng Mateo, sa ika-27 kabanata. Tingnan natin kung hindi natin ’yan matalakay kaagad-agad, at tingnan kung—kung hindi ba tayo makatalakay ng kaunti mula rito, makakatulong sa atin, kaagad-agad. 27:45, sa pakiwari ko, naisulat ko dito. Basahin natin.

> *Mula nang oras na ikaanim ay nagdilim sa ibabaw ng buong sangkalupaan* hanggang sa *ikasiyam* . . .
>
> *At nang malapit na ang oras na ikasiyam ay sumigaw si Jesus ng malakas na tinig, na sinasabi, Eli, Eli, lama sabach- . . .?* na *sa makatuwid baga’y, . . . Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?*
>
> *Ilan sa nangakatayo roon, . . . marinig* ito, at *sinabi,* Tinatawag *ng taong ito . . . si Elias.*
>
> *At pagkaraka’y tumakbo ang isa sa kanila, at kumuha ng isang espongha, at binasa ng suka, saka inilagay sa isang tambo, at ipinainom* ito sa *kaniya.*
>
> *At sinabi ng mga iba, . . . tingnan natin kung paririrto si Elias* at *siya’y iligtas.*
>
> *Si Jesus, nang muling sumigaw . . . ng malakas na tinig, at nalagot . . .*

“Isang malakas na tinig.” Malakas na tinig! Masdan.

> Nang si Jesus, naghihingalo, ay sumigaw *ng malakas na tinig, at nalagot ang kaniyang hininga.*
>
> *At, narito, ang tabing ng templo’y nahapak na nagkadalawa buhat sa itaas hanggang sa ibaba; at nayanig ang lupa; at nangabaak* nga *ang mga bato;*
>
> *At nangabuksan ang mga libingan; at marami* sa *mga katawan . . . mga banal* na *nangatulog ay nangagbangon,*
>
> *At paglabas sa mga libingan pagkatapos na siya’y mabuhay na maguli, ay nagsipasok sila sa bayang banal, at nangapakita sa marami.*

169 Isang pag-agaw ang naganap na.

Tatlo ang naganap na sa Lumang Tipan, sa mga nakahanda, kung kanino dumating ang Salita ng Panginoon. Kita n’yo? Dumating ang Salita ng Panginoon kay Enoc. Dumating ang Salita ng Panginoon kay Elias. Isa siyang propeta. Kita n’yo? Ang Salita ng Dios ay si Jesus. Kita n’yo?

170 Tingnan sa Lumang Tipan, yaong mga banal sa Lumang Tipan ngayon, noong unang mangyari ang pag-agaw na ito. Pansinin ang talatang 50. Ginising ng Kaniyang malakas na tinig ang mga banal sa Lumang Tipan kung paanong ginising ng malakas na tinig si Jesus. . . o ginising si Lazaro. Kita n'yo? Nanggising ang malakas na tinig.

At ang pangalawa ay natupad sa Ikalawang Mga Taga Tesalonica, sa ika-4 na kabanata. Magbasa lamang tayo, basahin ito. Kababasa lang natin, kani-kanina lang. Kita n'yo?

> . . . *hindi namin ibig na kayo'y* . . . *di makaalam, mga kapatid, tungkol sa* mga . . . *nangatutulog; upang* kayo'y *huwag mangalumbay, na gaya* . . .

Iyon ay Unang Mga Taga Tesalonica 4:12 hanggang 18. Na, iyon ang magiging pangalawang Pag-agaw. Ang pangalawang Pag-agaw ay ang pagkuha sa Nobya.

171 Ang mga banal sa Lumang Tipan ay nasa Kaniyang Presensiya na, wala na ang paraiso. At pumaitaas na ang mga banal sa Lumang Tipan, sa Kaniyang malakas na tinig, noong sumigaw Siya at nalagutan ng hininga; dahil (bakit?) ang Handog, ang kabayaran ng kanilang mga kasalanan, na hinintay nila, sumasampalatayang darating ang sakdal na Kordero. Inialay nila ang Handog, ang Kordero. At nang mamatay Siya at nalagutan ng hininga, sumigaw Siya sa isang malakas na tinig, at nagising ang mga banal sa Lumang Tipan.

Tingnan n'yo 'yung sigaw at 'yung tinig banda rito, ganoon din sa Kaniyang Pagdating. Kita n'yo?

"Nalagutan ng hininga." At nang mangyari sa Kaniya, ang Handog ay sakdal na, at nawalan ng laman ang paraiso. At bumalik muli sa lupa ang mga banal sa Lumang Tipan, naglakad-lakad sa lupa, at pumasok kasama Niya, noong Siya'y inagaw.

172 Sinabi ni David, doon, "Mangataas kayo, kayong mga walang hanggang pintuan, at mangataas kayo." "Pinatnubayan Niya ang bihag sa pagkabihag, nagbigay ng mga kaloob sa mga tao," at ang mga banal sa Lumang Tipan ay pumasok na kasama Niya.

173 Sinabi nila, "Sino itong Hari ng katuwiran?"

174 "Ang Panginoon ng Kaluwalhatian, makapangyarihan sa hukbo." Makapangyarihang hukbo, heto na silang dumarating, nagmamartsa. "Pinatnubayan ni Jesus ang bihag sa pagkabihag," at heto Siya'y dumarating, kasama ang mga banal sa Lumang Tipan. At pumasok sa mga bagong pintuan sa itaas Doon, at nagsabi, "Mangataas kayo, kayong mga walang hanggang pintuan, at mangataas kayo. At papasukin ang Hari ng Kaluwalhatian."

Ang tinig ay nanggaling sa loob, sabi, "Sino ang Panginoon ng Kaluwalhatian?"

175 "Ang Panginoong makapangyarihan sa pakikipaglaban." Nagbukas ang mga pintuan. "At si Jesus, isang Mananagumpay, ay pinatnubayan ang bihag sa pagkabihag," sila na mga nagsisampalataya sa Kaniya, at dumating ang Salita sa kanila. Doon, ang mga banal sa Lumang Tipan na nakahimlay roon, naghihintay, "Pinatnubayan Niya ang bihag sa pagkabihag; sumampa sa Kaitaasan," dinala ang mga banal sa Lumang Tipan at pumasok. Hayan ang isang Pag-agaw, na naganap na.

176 Ang susunod na Pag-agaw na magaganap ay (Ikalawang Mga Taga Tesalonica) para sa Iglesya, ang Nobya na bubuhaying mag-uli, upang agawin patungo sa Kaluwalhatian. "Tayong nabubuhay at natitira," iyon ang mga katawang naiwan sa sanglibutan, "ay hindi mangauuna sa anumang paraan o hahadlangan sila na mga natutulog. Sapagka't ang trumpeta ng Dios ay unang tutunog, at ang mga nangamatay kay Cristo ay mabubuhay." Kita n'yo? "At tayong nangabubuhay at nangatitira ay aagawing kasama nila."

177 Noong isang araw, nakatayo ako doon sa kanto ng kalye. At ako—nakatayo ako sa . . . Nakatayo ako sa kanto ng kalye at pinanonood ang parada ng Araw ng Armistisyo, at noong dumating iyon, dumaraan sa kalye. Tumayo ako roon kasama ang maliit kong anak, na si Joseph. Dumating doon, ang una, ay ang mga lumang tangke noong unang digmaan ang dumaan, mga mumunting lumang tangke. Pagkatapos niyon ay dumaan ang naglalakihang tangkeng Sherman ng bagong digmaan, at malalaking kanyon na kasama ang muzzle blast nito, isang—isang muzzle break ng mga ito, at iba pa.

Pagkatapos doon, dumating ang mga sundalo; ang—ang—ang mga inang Gold Star. At pagkatapos nagdaan ang isang karosa na may . . . tuloy-tuloy . . . Buweno, sa banda roon ay dumaan ang isang karosa, at sa harapan niyon ay isang libingan, "sa hindi nakikilalang sundalo." At nakatayo roon ang isang—isang sundalo'y natakatayo roon, binabantayan ang naturang libingan. Nakatayo doon ang isang marino sa kabilang panig, at isang mandaragat sa kabilang panig. At may humahating partisyon. At sa kabilang dako'y naroon ang isang ina na Gold Star. Nawalan siya ng anak na lalaki. Naroong nakatayo ang isang batang maybahay, na nakapatong ang ulo niya sa mesa, umiiyak. Isang madungis na paslit na lalaking nakaupo nang patagilid; at tumutulo ang luha sa mukha niya. Nawalan siya ng tatay.

Naisip ko, "Napakalungkot naman! Nakatayo ako rito at pinagmamasdan, tinitingnan sila, matatanda, iilang sundalo na lamang na natira; nagmamartsa doon, pipilay-pilay at matatanda na, gaya niyon, na nakauniporme, subali't may

pagmamalaking ipinakikita ang mga iyon dahil sila'y mga Amerikano."

Sumaisip ko, "Oh, Dios ko!"

178 Isang araw, magkakaroon ng isang pagsabog mula sa Langit, "At ang mga namatay kay Cristo ay unang babangon." Silang mga banal sa Lumang Tipan noong mga una, na naghihintay, ay magsisilitaw at unang lalabas doon, at paroroon sa pagkabuhay na mag-uli. Mapupunta tayo mismo sa hanay, patungo sa kalangitan; itong mga matatandang mortal na katawang ito'y nabago na at ginawang gaya ng Kaniyang Sariling maluwalhating katawan. Anong—anong parada 'yun kapag nagpasimula yaon patungo sa kalangitan, isa sa mga araw na ito, sa panahong iyon ng pag-agaw na darating, oh, buong pagmamalaking ipinapakita ang Dugo ni Jesus Cristo sa kanilang mga dibdib, ang Mensahe ng Dios sa panahon na kanilang kinabuhayan. 'Yan ang oras na hinihintay natin, kapatid.

179 Pagmasdan, sa pagtatapos lamang ngayon. Ang pangalawang pagkabuhay na mag-uli, lahat. . .Tapos na ang una. Ang pangalawa ay nalalapit na, ngayon mismo, malapit nang maganap ngayon.

180 Ngayon, ang pangatlo ay ang dalawang saksi ng Apocalipsis 11:11 at 12. Na, ito yaong mga magpapanumbalik, taglay ang Espiritu ni Cristo, upang magpatotoo sa mga Hudyo, kagaya ng ginawa ni Jose sa mga kapatid niya. At alalahanin, "Ang mga bangkay nila ay nasa lansangan, sa loob ng tatlong araw at kalahati. Nang magkagayo'y pumasok sa kanila ang hininga ng buhay, at sila'y inagaw, dinalang paakyat sa Kalangitan."

Hayan 'yung tatlong pag-agaw n'yo ng Bagong Tipan.

Tatlong pag-agaw ng Lumang Tipan; tapos na lahat ang mga iyon.

181 Ngayon handa na tayo, naghihintay na para sa mga pag-agaw, ang Pag-agaw sa mga binanal. Sinalita na ito, at matutupad ito. Kapag sinalita ng Dios ang alinmang bagay, "Lahat ng langit at lupa ay lilipas, datapuwa't ang Salitang iyon ay hindi mabibigo."

182 Noong sabihin ng Dios, doon sa Genesis 1, sabi Niya, "Magkaroon ng liwanag." Maaaring daan-daang taon iyon bago nagkaroon ng anumang liwanag. Sabi Niya, "Magkaroon ng puno ng palma. Magkaroon ng puno ng encina. Magkaroon ng disyerto. Magkaroon ng bundok. Magkaroon ng *ganito*." Sinalita Niya iyon, nakita n'yo. At hangga't lumabas iyon sa Kaniyang bibig, sa isang Salita, kailangan na mahayag iyon. Kailangan ngang mahayag iyon. Kapag. . .

183 Pagkatapos isang araw, tinawag Niya palabas ang Kaniyang bayan. At nakipag-usap Siya sa isang tao na nagngangalang

Moises, sa pamamagitan ng Haliging Apoy, isang Liwanag; Banal, Sagradong Apoy. At si Moises ay hindi. . .Ayaw paniwalaan ng mga tao si Moises, kaya't sinabi Niya, "Ilabas mo sila patungo sa bundok na ito."

184 Nang umagang iyon, ang naturang bundok ay punong-puno ng Apoy, at pagkislap at mga pagkulog gaya niyon. At sinabi ng mga tao, "Huwag na ang Dios ang magsalita sa amin. Hayaang si Moises ang magsalita, kita n'yo, baka kami ay mamatay."

185 Sinabi ng Dios, "Hindi na Ako mangungusap muli sa kanila nang ganito, kundi magpapalitaw Ako ng isang propeta sa kanila. At Ako'y mangungusap sa pamamagitan niya, at kung ano ang sasalitain niya ay mangyayari. Kung gayon, dinggin ninyo Iyon, sapagka't Ako—Ako'y sumasa kaniya." Ngayon, sinalita Niya iyon. Sinabi Niya na mangyayari iyon.

186 Masdan ninyo ang propetang ito, si Isaias, nakatayo roon; isang lalaki, matalinong tao, isang taong kinikilala, nang mainam, ng hari, 'pagka't namuhay siyang kasama si Uzias. Ang hari, na isang dakilang tao, ay nagpumilit na kunin ang lugar ng isang mangangaral, minsan, at pumasok, dinapuan ng ketong.

At iyon ang sinabi ko sa mga negosyante. Huwag na huwag magpumilit na kunin ang lugar ng isang mangangaral. Huwag, po. Manatili ka mismo kung saan ka naroon. Kita n'yo? Gawin mo ang trabaho mo, kung ano'ng inilagay ng Dios, sinabi sa 'yo na gawin mo. Kung daliri ka, hinding-hindi ka maaaring maging tainga. Kung tainga ka, hinding-hindi ka magiging ilong, ilong o mata. Kita n'yo? Manatili ka sa iyong posisyon.

187 Narinig n'yo ang mensaheng iyon, noong isang araw, sa pagsasahimpapawid: *Nagsisikap Na Gawan Ng Paglilingkod Ang Dios*. Si David, pinahirang hari. Lahat ng mga tao ay nagsisigawan at naghihiyawan, "Tama 'yon." Subali't hindi siya sumangguni sa propeta ng Dios. At isang tao ang namatay, at ang kabuuang bagay ay napinsala. Huwag mong sikaping gawan ng pabor ang Dios. Maghintay ka hanggang sa itinakda na ng Dios. Hayaan mong dumating iyon sa paraan Niya ng paggawa niyon. "Pasisimulan ko ang dakilang bagay na *ito*. Gagawin nito ang *ganito*." Mag-ingat ka, kapatid.

188 Ngayon, alam ni David ang mas mainam pa riyan. Si Nathan ay nasa lupain, noong araw na iyon. Ni hindi siya sinangguni, man lang. Kita n'yo? Sumangguni na siya sa mga kapitan ng daan-daan at libo-libo. Lahat ng mga tao ay sumigaw, at humiyaw, at sumayaw na. Imbes na. . .Ginawa na nilang lahat ang mga gawang relihiyoso, subali't wala 'yon sa linya at kaayusan ng Salita ng Dios, at nabigo 'yun.

Ano pa mang ibang bagay, na wala sa linya at kaayusan ng Salita ng Dios, ay mabibigo. Ang Salita lamang ng Dios ang mananatili magpakailanman. "Ang mga langit at lupa ay lilipas, subali't hindi ang Aking Salita."

189 Pansinin si Isaias, ang matalinong kabataang lalaking iyon na nakatayo roon. Bigla na lang, tumama sa kaniya ang Espiritu. Hindi siya makapagsalita ng iba pa. Isa siyang propeta. Sabi niya, "Narito, isang dalaga ang maglilihi." "Sa atin ay ipinanganak ang isang Anak na Lalaki; ipinanganak ang isang Bata, ibinigay ang isang Anak na Lalaki. Ang Kaniyang Pangalan ay tatawaging Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, Makapangyarihang Dios, Walang Hanggang Ama. Ang dulo ng. . .Ang Kaniyang pamamahala ay maaatang sa Kaniyang balikat. Ang dulo ng. . .Hindi magwawakas ang Kaniyang paghahari." Paano masasabi ng lalaking iyon nang may karunungan na maglilihi ang isang dalaga?

Lahat ay naghintay para dito. Natapos na itong salitain. Iyon ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kailangan na mangyari iyon, 'pagka't 'yon ang Salita ng Dios. Katulad noon sa Genesis, noong itanim Niya ang mga binhing iyon sa kailaliman ng dagat, kung saan, "ito ay walang anyo, at walang laman; at ang tubig ay nasa kalaliman." Kita n'yo? Kinailangang mangyari iyon. At isang araw, makalipas ang walong daang taon, dinala ng sinapupunan ng isang dalaga ang Binhi ng Dios, isang nilikhang Binhi. Nagsilang siya ng isang Anak na Lalaki.

190 Ang Anak ding iyon ay tumayo roon, isang araw. Sabi Niya, "Lazaro, lumabas ka." At ang isang lalaking apat na araw nang patay, bulok na, ang ilong niya'y naagnas na, na umaalingasaw, lumabas siya. Sabi:

> *Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka't dumarating ang oras,* amen, kung kailan *lahat* na *mga nangasa* libingan *ay makaririnig* sa *tinig* ng Anak ng Dios,

Kaya, tapos nang salitain iyon. Kailangan na mangyari iyon nang ganoon. Magkakaroon ng Pag-agaw. Oh, naku!

191 Naaalala ko, 'yun lamang huling Mensahe ko sa California, kung saan inakala kong hindi na ako makakabalik pang muli, noong ipropesiya ko, "Ang Los Angeles ay lulubog sa ilalim ng karagatan. GANITO ANG SABI NG PANGINOON." Mangyayari iyon. Tapos na siya. Wala na siya. Tapos na siya. Anong oras? Hindi ko alam kung kailan, subali't iyon ay palulubugin. Pagkatapos na pagkatapos niyon, ang mga lindol ay nagsimulang umuga at yumanig.

192 Alalahanin, marami sa inyo na mga kalalakihan ang nakatayo doon mismo, sa batong iyon, noong araw na bumaba roon ang Anghel na iyon. At 'yung Liwanag at Apoy na nahuhulog mula sa Langit, sa palibot ng batong kinatatayuan natin doon. Ang mga bato ay nagsilipad mula sa mga bundok, at nahuhulog sa lahat ng dako roon. Sumabog siya nang tatlong beses, nang malakas. Sabi ko, "Tatama ang paghatol

sa Kanlurang Baybayin." Dalawang araw pagkatapos niyon, muntik nang lumubog ang Alaska.

193 Tandaan, ang Dios din na nagsabi niyon, ay nagsabi, "Ang Los Angeles ay nahatulan na." At tapos na siya. Hindi ko alam kung kailan. Hindi ko masabi sa inyo.

194 Hindi ko alam na nasabi ko 'yun. Nguni't itong kapatid dito, sa palagay ko 'yun ay. . . Hindi. Isa sa mga Mosley, sa palagay ko, ay dinala ako sa isang kalye sa labas doon. Hindi ko alam kung ano iyon hanggang sa binalikan ko. Tiningnan ko balik sa Kasulatan.

At sinabi ni Jesus, "Capernaum, Capernaum, gaano kadalas. . . Ikaw na nagpakataas sa sarili mo, pala, hanggang sa Langit, ay ibababa hanggang sa hades. Sapagka't kung ang mga makapangyarihang gawa na sa iyo'y ginawa, ay ginawa sana sa Sodoma, nanatili pa sana siya hanggang ngayon." At mga nasa isang daan at limampung taon mula noon, (ang Sodoma ay malaon na, nasa ilalim ng lupa) pagkatapos ang Capernaum ay nasa ilalim ng tubig, na rin, sa araw na ito.

195 At ang Espiritu ring iyon ng Dios na nagsabi ng lahat ng bagay na ito, at ginawa ang lahat ng bagay na ito, sinabi Nito noon, "Oh, siyudad, Capernaum, na tinawag ang iyong sarili sa pangalan ng mga Anghel, Los Angeles, gaano mo itinaas ang iyong sarili sa langit! Ang pinaka ugat at luklukan ni Satanas, kita n'yo, itinaas mo ang iyong sarili."

196 Mga mangangaral, libingan iyon para sa kanila. Ang mabubuting tao ay nagtutungo doon at namamatay na gaya sa mga daga. Anong pagkawasak!

197 "Ikaw na tinatawag ang iyong sarili sa pangalan ng mga Anghel; kung ang mga makapangyarihang gawa ay ginawa sana sa Sodoma, na ginawa sa iyo, nanatili sana siya sa araw na ito. Subali't dumating na ang oras mo."

Abangan ninyo at tingnan. Kung hindi iyon mangyayari, huwad akong propeta. Kita n'yo? Hayun siya. Nakahimlay siya roon.

198 Naaalala ko noong gabing iyon, bago ko nakita 'yon, nakita ko ang unang pagtanghal sa Nobya. Tumayo ako doon at nakita ko ang isang magandang munting dalaga, sadyang may tamang pananamit, at bagay-bagay, nagmamartsa sa gawing *ito*. May Isa na nakatayo sa tabi ko, sa naturang pangitain. At nakita ko. Sabi nila, "Ang unang pagtanghal sa Nobya." Nakita ko Siyang dumaan. Nanggaling sila sa banda *rito*, at umikot.

199 Narinig ko itong paparating, ang—ang mga iglesya ay paparating mula sa *kabilang* panig na ito. Dumating ang iglesyang Asyano. Oh, napakarumi! Heto naman dumaraan ang iglesyang Europeo. Oh, naku! At pagkatapos narinig kong may parating na rock-and-roll, at iyon si Binibining America, ang

iglesya, at ni hindi man lang siya nakadamit. May mga papel siya, parang mga diyaryo, kulay-abo, na hawak sa harapan niya, nagsasayaw ng rock-and-roll; si Binibining America, ang iglesya.

200 Tumayo ako doon sa Kaniyang Presensiya. Naisip ko, "Oh Dios, bilang ministro, kung 'yan na ang pinakamainam na magagawa namin? Oh! Oh!" Alam mo kung ano ang pakiramdam mo. Pagkatapos naisip ko, "Dios, ikubli Mo po ako. Kung makakaalis lang ako mula rito. Kung lahat ng ginawa namin, at 'yan lang ang maihaharap namin, kung ganiyan?"

201 At pagkatapos nang dumaan ang mga babaeng iyon, na lahat ay ginagawa ang lahat ng uri ng pagyuyugyog at bagay-bagay, at maiikli ang mga buhok, at pinintahan ang mga mukha. At habang nagdaraan silang kagaya niyon, ipinagpapalagay pa namang mga birhen kay Cristo. At nang dumaan siyang gaya niyon, ibinaling ko ang aking ulo, alam n'yo na, na hawak-hawak *ito* sa harap ko. Iyon ay—iyon ay kahiya-hiya, ang kanilang likuran. At hayun sila, nagpapatuloy na ganoon. At ibinaling ko ang aking ulo, sa pag-iyak, gaya *niyon*.

202 Sabi ko, "Ako—hindi ko iyon matagalan doon. Siya na nakatayo roon, at nalalaman ko na ako, isang ministro ng Iglesya, at iyan ang naiharap ko sa Kaniya." Sabi ko, "Oh Dios, hindi ko iyon matingnan. Hayaang ako'y mamatay na. Itulot na ako—ipahintulot na ako'y maglaho na," at katulad ng ganoon.

203 At pagkatapos na pagkatapos na lumabas nito, sa tuwing dumarating ang isa sa kanila, pumupunta sila sa isang dako, pagkatapos mahuhulog. Maririnig ko na lang ang tunog nito habang papalayo ito.

Pagkatapos may narinig akong isang gaya ng *Onward Christian Soldiers*. Tumingin ako, at paparating 'yung grupo ng mga banal na mumunting dalaga sadyang tugmang-tugma kung paano sila noong una, lahat ay nakadamit nang tama, ang mga buhok nila'y nakalaylay pababa sa kanilang likod. Pino, malinis, nagmamartsa nang *paganito*, sa hakbang ng Ebanghelyo. Siya ang Salita. Para ba silang isa mula sa bawa't bansa. Tinitingnan ko iyon habang sila'y padaan, at nakita silang dumaan. Imbes na pababa, nag-umpisa silang pumaitaas.

Napansin kong ang isa sa kanila ay sinusubukan, dalawa o tatlo sa kanila ay sinusubukang, mawala sa linya. Sumigaw ako, "Manatili kayo sa linya." At nawala na sa akin ang pangitain. At nakatayo ako doon sa silid, sumisigaw, "Manatili kayo sa linya." Sa linya, Iyon.

204 Ano kaya, tapos na nga kaya iyon? Natawag na nga kaya ang Nobya? Iyan ba ang pinagdadaanan natin sa ngayon?

Kailangan niyang mahubog at maging larawan ni Cristo, at si Cristo ang Salita. Iyan lang ang tanging bagay. Kita n'yo? Naroon Iyon Doon, sa Salita. Ito la-. . .Kita n'yo? Walang isa

mang bagay na maaaring idagdag. Hindi iyon maaaring isang—isang babae na ang isang kamay ay kagaya ng lalaki, at ang isang kamay ay may pangkalmot na kagaya ng aso. Dapat na eksakto itong Salita ng Panginoon, kung paanong Siya ang Salita. Ang Nobya ay bahagi ng Kasintahang Lalaki. Ang babae ay bahagi ng kaniyang asawang lalaki, 'pagka't hinugot siya mula sa asawang lalaki. Si Eba ay bahagi ni Adan mula sa tagiliran nito. At maging ang Nobya, hindi kinuha mula sa isang denominasyon, kundi kinuha mula sa sinapupunan ng Salita ng Dios para sa araw na ito.

205 Ang Pag-agaw!

> Ang trumpeta ng Panginoon ay tutunog, ang mga nangamatay kay Cristo ay magbabangon,
> At ang kaluwalhatian ng Kaniyang pagkabuhay na mag-uli ay pagsasaluhan;
> Kapag ang mga pinili ay magtitipon-tipon sa kanilang Tahanan sa langit.

Kapag tinawag na ang mga pangalan doon, pilitin nating lahat na Pumaroon, mga kaibigan. Pagpalain kayo ng Dios.

206 Sinalita na iyon. Kailangan na matupad iyon. Magaganap iyon. At ang munting . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Ang mga tao, walang gustong mamatay. Walang gusto na—na mapahamak. Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo. Anuman ang gawin ninyo . . . walang anuman sa akin kung gaano kayo kadalas na magsimba, at kung gaano kayo katapat sa iglesya. Mainam 'yan; walang laban diyan. Dapat kayong magtungo sa bahay-sambahan. Gawin n'yo 'yun. Patuloy kayong magsimba. Subali't, kahit ano pa, itapon lamang ninyo ang inyong mga tradisyon, at kumilos patungo hanggang kay Cristo. Pagka't, tutunog ito isa sa mga araw na ito, at maaabutan kayong mayroon nang tatak ng hayop sa inyo, at hindi malalaman kung ano ito hanggang sa huli na. Ganap na tama 'yan.

207 Pagpalain kayo ng Dios. Paumanhin na pinatagal ko kayo. At alalahanin. Masyado ko silang pinanatili rito nang matagal. Tama 'yon. At ang kaloob na nilikom n'yo para sa akin . . . Na, hindi ko hiniling sa inyong gawin iyon, kapatid. Iyan, ang aking, 'yan ay pagpapaunlak. Kunin n'yo iyan at bayaran itong motel sa—sa karagdagang oras, pagka't pinatagal ko ito. May kaunti lang akong bagay dito. May mga walo o sampu pa akong pahina tungkol sa Pag-agaw na iyan riyan, subali't ako—sadyang wala na akong oras para ibigay iyon. Pagpalain kayo ng Dios.

208 Mahal ba ninyo ang Panginoong Jesus? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Manatili lamang tayong nakatayo panandali ngayon, nang tahimik, na may paggalang, at tandaan ang sinabi ko. Tandaan, nasa mga huling oras na tayo.

Mga bansang ito'y naghihidwaan, ang Israel gumigising,
Ang mga tandang iprinopesiya ng Biblia;
Mga araw ng Gentil ay bilang na, may hilakbot na pasanin;
"Magbalik, O nangalat, sa inyong sariling lupain."

Malapit na ang araw ng katubusan,
Ang puso ng mga tao'y nanlulupaypay sa sindak;
Mapuspos ng Espiritu, na pinag-igi at nilinis na ang inyong ilawan,
Tumingala, malapit na ang inyong katubusan.

Alam n'yo ba iyon?

Mga huwad na propeta'y nagbubulaan. Itinatanggi nila ang Katotohanan ng Dios.

Alam nating tama ang lahat ng 'yan. Hindi ba? [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

209 Ilan ang tunay na nagmamahal sa Kaniya. Itaas ang inyong kamay. Ngayon, gusto kong kayo, habang inaawit natin itong muli, ay makipagkamay sa isang nasa kalapit lang ninyo. Sabihin, "Pagpalain ka ng Dios, manlalakbay." Tayo'y mga manlalakbay. Hindi ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mga manlalakbay at dayuhan.

I love Him,

Tama 'yan, sa kabilang panig lang ng lamesa.

I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

210 Gusto n'yo bang makasama sa Pag-agaw? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ilan ang interesado na makasama sa Pag-agaw? Sabihin, "Dios, gusto ko pong makasama, nang buong puso ko."

*Hold To God's Unchanging Hand*, alam ba ninyo 'yung awit? Alam mo ba 'yon, kapatid? *Hold To God's Unchanging Hand*. Hindi ko alam kung ano. . . Nasaan iyon, para sa isang iyon? Huh?

Hold to God's unchanging hand!
Hold to God's unchanging hand!
Build your hopes on things Eternal,
Hold to God's unchanging hand!

Gusto n'yo iyan?

When our journey is completed,
If to God you have been true,
Fair and bright your home in Glory,
Your enraptured soul shall view!

Hold to God's unchanging hand!
Hold to God's unchanging hand!
Build your hopes on things Eternal,
Hold to God's unchanging hand!

Nais kong iyukod ninyo ang inyong ulo nang panandali ngayon.

Covet not this world's vain riches,
That so rapidly decay,
Seek to gain the Heavenly treasure,
They will never pass away!

Hold to God's unchanging hand!
Hold to God's unchanging hand!
Build your hopes on things Eternal,
Hold to God's unchanging hand!

211 Habang nakayukod ang inyong mga ulo, at isinasaisip ito, nalalamang iniyuyukod natin ang ating mga ulo sa alabok kung saan tayo kinuha, balang araw babalik tayo, nalalamang may kaluluwa ka riyan sa loob na kailangang managot sa Dios. At kung nararamdaman mong sadyang hindi ka pa handa para sa Pag-agaw na iyon, kung darating Iyon sa gabing ito, at gusto mong maalala ka sa panalangin, itaas lamang ang iyong kamay. Wala tayong lugar para gawin ang pagtawag sa altar. Ang altar mo ay nasa iyong puso, ganoon pa man. Itaas mo ang iyong kamay. Pagpalain ka ng Dios, ikaw, ikaw. Naku!

"Nararamdamang hindi pa ako handa, Kapatid na Branham. Ako—ako, talaga, ako—ako—gusto kong maging Cristiano. Sinikap ko na, subali't may bagay lagi na kulang. Aking—aking nalalaman na ako—ako'y sadyang wala sa dapat kong kalagyan."

"Mahabag Ka, Dios. Itinataas ko po ang aking kamay. Mahabag Ka sa akin."

Ngayon, mga dalawampu o tatlumpung mga kamay ang itinaas, na, sa munting grupong ito. Marami pa ang nagsisitaas.

212 Mahal na Dios, alam Mo po kung ano'ng nasa likod ng kamay na iyan, doon sa kaibuturan ng puso. Dumadalangin ako, mahal na Dios. May iisang bagay lamang akong pananagutan, iyon ay, ang isaysay ang Katotohanan. At, mahal na Dios, gusto nilang maligtas. Nais po nila, talaga. Sila—ayaw nila ang bagay na ito na kung anong emosyon lamang, isang kung anong gawa-gawa, isang kung anong sistemang maka-denominasyon, isang kung anong kredo, isang kung anong dogma na idinagdag. Nauunawaan po nila, Ama, na kinakailangan ang puro, dalisay

na Salita ng Dios. Lahat ng iba pa ay lilipas, maging ang mga langit at lupa, subali't Ito'y hindi. At kung kami nga ang Salitang iyon, ang mundo ay lilipas sa ilalim namin, subali't hinding-hindi kami lilipas, sapagka't kami ang Salitang iyon, ang Nobya ng Kasintahang Lalaki.

213 Dumadalangin ako para sa bawa't isa, na ipagkakaloob Mo po sa kanila, Ama, ay ang mataimtim kong panalangin. At pagpaumanhinan ako, Ama, sa pagiging nerbiyoso ko ngayong gabi, nagtungo rito na huli, at—at kinakabahan, at nagsasalita nang bali-bali at putol-putol. Bagama't ganoon, dakilang Espiritu Santo, pagdugtung-dugtungin Mo po ang mga iyon sa Iyong Sariling Makalangit na pamamaraan, at dalhin ang mga iyon sa puso ng mga tao, mula sa aking puso, at ang motibo at ang layunin na nasa puso ko para sa Iyo. Maaari po ba, Panginoon? At iligtas ang mga maililigtas. Ilapit sa Iyo, Panginoon. At nawa kami ay maging handa na para sa oras na iyon ng pag-agaw na nalalapit na. Sapagka't hinihiling ko po ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Pagpalain kayo ng Dios.

Ngayon, ang tagapangulo ng—ng kombensiyon.

*Ang Pag-agaw* TAG65-1204
(The Rapture)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Disyembre 4, 1965, para sa bangkete ng Full Gospel Business Men's Fellowship International sa Ramada Inn sa Yuma, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org